ISSN 2546-1079 (Online)
ISSN 2546-1060 (Print)

# KAWÍNG

TOMO 5 BILANG 1 * HULYO 2021



ISSN 2546-1079 (Online)
ISSN 2546-1060 (Print)

# KAWÍNG

**TOMO 5 BILANG 1* HULYO 2021**

Ang *Kawíng* ay refereed/peer-reviewed at open access na journal sa Filipino ng Pambansang Samahan sa Linggwistika at Literaturang Filipino, Ink. (PSLLF). Inililimbag ito nang dalawang beses isang taon (tuwing Hulyo at Disyembre). Pangunahing layunin ng journal na maitaguyod ang intelektwalisasyon ng wikang Filipino sa iba't ibang larangan at maipalaganap ang mga bagong likhang panitikan ng mga manunulat sa wikang Filipino. Tumatanggap ito ng mga artikulo/papel/saliksik at rebyu sa wikang Filipino. Maaari ring magpasa rito ng sanaysay, tula, maikling kwento, dagli, creative nonfiction at iba pang akdang pampanitikan o saling akda sa wikang Filipino.

Karapatang-ari ng PSLLF at ng mga may-akda.

Inilathala ng PSLLF sa Maynila, Pilipinas.
www.psllf.org

**PAMATNUGUTAN**

**Punong Editor**

**Aurora E. Batnag**
Pambansang Samahan sa Linggwistika at Literaturang Filipino (PSLLF)

**Mga Kawaksing Patnugot**

**David Michael M. San Juan**
De La Salle University-Manila

**Jayson D. Petras**
University of the Philippines

**Jonathan Vergara Geronimo**
University of Santo Tomas

**Tagapamahalang Editor**

**Ma. Anna Villanueva**
De La Salle University-Manila

**LUPON NG MGA KONSULTANT**

**E. San Juan, Jr.**
University of Connecticut, USA

**Ester T. Rada**
San Beda University-Manila

**Fanny A. Garcia**
De La Salle University-Manila

**Francis A. Gealogo**
Ateneo de Manila University

**German V. Gervacio**
Mindanao State University-Iligan Institute of Technology

**Isaac Donoso Jiménez**
University of Alicante, Spain

**Janet Hope C. Tauro-Batuigas**
Ministry of Social Development, New Zealand

**Joel Costa Malabanan**
Philippine Normal University-Manila

**Joi Barrios-Leblanc**
University of California-Berkeley, California, USA

**Leslie Anne Liwanag**
Visayas State University

**Leticia C. Pagkalinawan**
University of Hawaii in Manoa

**Melania Lagahit-Flores**
University of the Philippines-Diliman

**Pacifico Eric E. Calderon**
St. Luke's Medical Center College of Medicine-William H. Quasha Memorial

**Ramon G. Guillermo**
University of the Philippines-Diliman

**Raquel Sison-Buban**
De La Salle University-Manila

**Rommel B. Rodriguez**
University of the Philippines-Diliman

# Kawíng (Tomo 5 Bilang 1) 2021

## Mga Nilalaman

**MULA SA PUNONG EDITOR** ------------------------------------------------------------------ vii-ix
**Aurora E. Batnag**

**MGA ARTIKULO**

Pagpapalit ng *R* at *D (Switching of* R *and* D *Sound in Filipino Language)* -------------- 1-10
**Aurora E. Batnag**

Ang *Noli Me Tangere* at *El Filibusterismo* ni Jose Rizal Bilang Mga Post-kolonyal na Babasahin: Isang Paglalarawan sa Umuusbong na Kultura ng Pagtuturo at Pagkatuto sa Mga Piling Paaralan sa Lungsod ng Marikina, Metro Manila *(Jose Rizal's Noli Me Tangere and El Filibusterismo as Post-Colonial Reading Materials: Describing the Emerging Culture of Teaching and Learning in Selected Schools in Marikina City, Metro Manila)* ------------------------------------------------------------------------------------------ 11-54
**Axle Christien Tugano**

Pagsasaakto ng Bayan sa Akdang Protesta at Panlipunang Engkwentro sa Pakikibaka ng mga Bilanggong Politikal na Manunulat *(Embodiment of Nation in Protest Literature and Social Encounters in the Struggle of Political Prisoner-Writers)* -------------------- 55-74
**Jonathan Vergara Geronimo**

Isang Panimulang Pag-aaral sa Pasalitang Diskurso ng Mga Di Katutubo at Katutubong Tagapagsalita ng Wikang Filipino sa Piling YouTube Videos ni Wil Dasovich *(A Preliminary Study on Spoken Discourse of Filipino Native and Non-Native Speakers on Selected YouTube Videos of Wil Dasovich)* ------------------------------------------------- 75-96
**Ronel O. Laranjo**

Si Rizal at Ang Kamalayang Pasyon *(Rizal and Pasyon Consciousness)* ---------- 97-114
**U Z. Eliserio**

**MGA TULA**

Awit Bilang Isa at Iba pang Pagkabalisa sa Mga Paglabag: Mga Tula ------------ 115-119
**Pauline Mari Hernando**

Dalawang Tula (Daluyong ng Panaghoy at Baby River) ----------------------------- 120-122
**Arthur David San Juan**

Tatlong Tula (Ang Magsasakang Nais Maging Alay-ay, Sa Saliw ng Kalabit, at Elehiya ng Babaylan) ---------------------------------------------------------------------------------------- 123-126
**Jhio Jan Navarro**

**MGA DAGLI**

Gratia Plena ---------------------------------------------------------------------------------- 127-129
**Alpine Christopher Patio Moldez**

Dalawang Dagli (Sahig, Fireworks) ------------------------------------------------------- 130-132
**Jomar G. Adaya**

**MALIKHAING DI KATHA**

Tailor's Chalk ------------------------------------------------------------------------------- 133-149
**Jason Federigan Pozon**

**KWENTONG PAMBATA**

Si Pipo, Ang Alanganing Alimango ------------------------------------------------------- 150-155
**Rowell D. Madula & Gerg Anrol R. Cahiles**

**MAIKLING KWENTO**

Boris ---------------------------------------------------------------------------------------------- 156-166
**Rene Boy Abiva**

**SALIN NG TULA**

Ganga, Tawiran Pakabilang Buhay ------------------------------------------------------- 167-168
**Parul Khakhar** (orihinal); **Rita & Abhijit Kothari; at Salil Tripathi** (mga salin sa Ingles); **David Michael M. San Juan** (salin sa Filipino)

~~~
~~~

Kawíng 5.1 (Hulyo 2021): 11-54 [ISSN 2546-1079 (Online)*ISSN 2546-1060 (Print)]

# Ang *Noli Me Tangere* at *El Filibusterismo* ni Jose Rizal Bilang Mga Post-kolonyal na Babasahin: Isang Paglalarawan sa Umuusbong na Kultura ng Pagtuturo at Pagkatuto sa Mga Piling Paaralan sa Lungsod ng Marikina, Metro Manila

## *(Jose Rizal's Noli Me Tangere and El Filibusterismo as Post-Colonial Reading Materials: Describing the Emerging Culture of Teaching and Learning in Selected Schools in Marikina City, Metro Manila)*

**Axle Christien Tugano**
University of the Philippines Los Baños
ajtugano1@up.edu.ph

**ABSTRAK**

Maituturing ang mga obrang Noli Me Tangere (1887) at El Filibusterismo (1891) bilang mga sulating post-kolonyal sa kadahilanang patuloy itong inaaral at pilit na ginagamit bilang mga aparato sa pagmumulat at pag-alala ng mga karahasan at personal na danas ng lipunang Pilipino. Indirektang paglalarawan ito noong panahong kolonyal sa perspektiba ng modernong panahon. Gayumpaman, nagiging masalimuot ang pagtuturo at pagpapahalaga sa mga sulating ito dahil madalas itong isinasantabi o kung hindi man, itinuturing bilang paksang kailangang matapos o madaplisan sa loob ng hating taon/semestre sa anumang paraan. Sa ganang kultura ng pagtuturo na rin ang pinag-uusapan, babanghayin din bilang batayang konsepto — kung isang dominante o umuusbong na kultura ba ang umiinog sa kalagayang ito. Tatlong bagay ang itinatampok sa pag-aaral na ito: obserbasyon, kalagayan, at mga panimulang paglalarawan sa pagtuturo ng dalawang nobela. Bukod sa mga obserbasyon at pagsusuri, nagtipon din ng datos sa pamamagitan ng survey sa mga guro at estudyanteng respondent sa ilang piling paaralan ng Lungsod ng Marikina, Metro Manila.

**Mga Susing Salita:** pedagohiya, Noli Me Tangere, El Filibusterismo, nobela, Jose Rizal

~~~
~~~

***ABSTRACT***

*The masterful works Noli Me Tangere (1887) and El Filibusterismo (1891) can be considered as post-colonial writings because they are constantly studied and used as tools for raising awareness and remembering the violence and personal experiences of the Filipino society. This is an indirect description of the colonial period in the perspective of modern times. However, the teaching and appreciation of these writings become complicated because they are often neglected or otherwise considered as a subject that needs to be covered or completed within half a year or in just one semester. As far as the culture of teaching is concerned, it will also be discussed as a basic concept — whether a dominant or emerging culture revolves around this situation. Three things are highlighted in this study: observations, situations, and introductory descriptions in the teaching of the two novels. Aside from observations and analyses, data were also gathered through a survey for teachers and students in selected schools in Marikina City, Metro Manila.*

***Keywords:*** *pedagogy, Noli Me Tangere, El Filibusterismo, novel, Jose Rizal*

~~~

## Introduksiyon

Marami nang naisulat tungkol sa buhay at mga akda ni Jose Rizal, kabilang na rito ang iba't ibang bersyon at salin ng kanyang dalawang nobela– *Noli Me Tangere* (1887) at *El Filibusterismo* (1891). Ang pagkakaroon nito ng mga salin sa iba't ibang wikang lokal at banyaga ay malinaw na patunay na ang kanyang mga gawa at maging siya ay itinangi sa iba't iba ring panahon. Sa kurikulum ng edukasyon sa Pilipinas, dalawang personalidad lamang ang tuwirang inaaral ang kanilang mga buhay bilang batayan ng pagtuturo ng nasyonalismo. Ekslusibong inaaral ang buhay at mga gawa ni Pangulong Jose Laurel (Sauco, 2006) sa *Lyceum of the Philippines University*, isang paaralan na kanyang itinatag noong 1952. Bukod sa pagiging pundador nito, isang edukador siya kung ituring dahil sa kanyang pagpupursiging magtayo ng paaralan sa Maynila na noo'y bumabangon pa lamang mula sa idinulot ng digmaan. Matatandaan na malaki rin ang kanyang ginampanan kung bakit inaaral ngayon ang buhay at mga sinulat ng kanyang tukayo na si Jose Rizal. Ang pagpapatibay ng Batas Republika blg. 1425 noong Hunyo 12, 1956 at sa tulong ng Kapulungan ng Edukasyon, kaagad na naisama sa mga kurikulum ang pag-aaral sa buhay at mga nobela ni Jose Rizal (Rivera et al., 1969, p. 1; Gagelonia, 1974, p. 9; Rosales at Coloma, 2005, p. 2). Unang nilalayon ng nasabing batas na itampok ang mga ideya at pilosopiya ni Rizal bilang natatanging inspirasyon at batayan ng salinlahing Pilipino upang kaharapin ang kasalukuyang kalagayan ng lipunan (Garcia at Cruz, 2005, p. 2). Kasama ring itinatadhana ng kautusan ang aplikasyon nito sa isyu ng kontemporanyong panahon. Kaya't tila isang palasak na realidad na lamang
~~~

ngayon ang pagtuturo sa kanyang mga isinulat. Kahit sabihin pang tila isang imahinasyon (Anderson, 2003, pp. 29-30; Fernandez, 2009, p. 463) lamang ang pagbubuo ng konsepto ng pambansang bayani, hindi maikakailang pinag-uugnay nito ang ating mga nasyonalismong kamalayan.

Ngunit sa kaunawaang nasyonalismo ba talaga ang nagiging tunguhin ng kasalukuyang panahon? Sa malalim na pag-aaral ni David Michael San Juan (2017), tinurol niya ang direksyong tinatahak ng nasyonalismong Pilipino. Balaho at hindi tuwid ang nilalandas. Kabalintunaan aniya ang pangangalandakan ng pamahalaan sa malalim na konsepto ng nasyonalismo ngunit hindi ito mababanaag sa kabuuang ispektakulo ng sistemang pang-edukasyon ng bansa. Ipinaalala pa ni San Juan halimbawa ang mismong 1987 Saligang Batas ng Pilipinas, partikular na ang Artikulo XIV na nagsasabing obligasyon ng gobyerno na ikintal sa bawat mamamayan ang pagkamakabayan at nasyonalismo, pagpapahalaga sa mga bayani, pagpapahalagang etikal at moral, at iba pa, sa paraang magagawa nito (San Juan, 2017, p. 13). Taksil ang pamahalaan sa pangakong ito. Matatandaang kinatay nila ang *Philippine History* sa kurikulum. Gayundin, ang pagpapabaya nila sa katangiang multilinggwal at multikultural ng Pilipinas (San Juan, 2017, p. 22-24). Naisasantabi halimbawa ang mahahalagang sektor ng kasaysayan ng Pilipinas (*cf.* mas maraming beses natalakay ang mga Amerikano kumpara sa mga Moro at Lumad). Mula't sapul pa lamang, gumagawa na ang pamahalaan ng samot-saring hakbang upang maipamalas ang para sa kanila'y nasyonalismo. Para sa kanila noon, mahalaga ang Batas Rizal.

Katulad ng mga tipikal na ipinapasang batas, ang Batas Republika blg. 1425 ay dumaan din sa ilang batikos at kritisismo. Noong 1983, naglabas si Jaime Laya, Minister ng Edukasyon, Kultura, at Isports ng isang kautusan na nagpapahayag na hindi na kailangan pang aralin ang buhay ni Rizal bilang isang hiwalay na asignatura (Pascual, 2012). Bagkus, mas mainam na ilapat ito sa mahahalagang asignatura katulad ng Kasaysayan, Pilosopiya, at Literatura. Samantala, noong 1988 (*Administrative Order 1988*), nang maganap ang Unang Kongreso ng mga guro sa Lungsod Baguio, lubhang ikinagulat ng kaguruan ang pag-iral (na) ng pagtuturo sa kursong Rizal. Anila, mapaghati at mapanlamang ang isinusulong na batas. Una, mapaghati ito dahil sinisilaban ang mitsa upang magkaroon na dikotomiyang pagtrato kina Jose Rizal at Andres Bonifacio. Pangalawa, mapanlamang ito dahil walang sapat na pagsasanay at kaalaman ang ilang guro kung paano sisimulang ituro ang buhay ni Rizal (Pascual, 2012).

Itinatadhanang ituro ang buhay ni Rizal sa antas ng kolehiyo samantalang mas magiging pokus sa hayskul ang pagtalakay sa kanyang dalawang nobela. Obligatoryo ang nagiging pagtrato rito ng mga institusyon na tila baga kinakailangang maituro ito sa mga mag-aaral ng sekundarya kahit anupaman ang magiging reserbasyon nito sa hinaharap. Mahalagang pag-aralan ang dalawang nobela ni Rizal. Bukod sa mga tipikal

na dahilan na tumatalakay ito sa pangkalahatang kalagayan ng mga Pilipino, sa mga nobelang ito matatagpuan ang tunay na takbo ng pag-iisip at pilosopiya ni Rizal (Schumacher, 2011, p. 534), mula sa kung paano niya tiningnan ang sosyo-pulitikong kalagayan ng lipunan hanggang sa malalim na kritisismo sa Simbahang Katolika. Hindi natin maaalis o nakamarka na sa dalawang nobelang ito ang pagkakadakila sa kanila bilang mga obra na naging mitsa ng himagsikan noong 1896 (Almario, 2008, p. 9). Gumanap talaga ito nang higit pa sa kanilang orihinal na *genre* bilang mga akdang pampanitikan– sa pagiging akdang panrebolusyon nito. Hindi nakapagtataka ang naging impak ng mga nobela sa ating lipunan. Mula sa orihinal nitong paksimili na nasusulat sa wikang Kastila, nagkaroon ito ng maraming bersyon ng pagsasalin sa iba't ibang wika.

Naisalin ang *Noli Me Tangere* sa iba't ibang bersiyon sa wikang Ingles. Tampok sa mga ito ay ang *Friars and Filipinos* (1902) ni Frank Gannett; *The Social Cancer* (1912) ng Amerikanong si Charles Derbyshire; *The Lost Eden* (1961) ni Leon Ma. Guerrero; at ang *Noli Me Tangere* (1957) ng Ilokanong intelektwal na si Camilo Osias na kilala sa pagiging *nativist-pensionado* sa kabila ng kanyang edukasyong Kanluran (Cruz-Claudio, 2016, p. 53). Naging tampok naman ang mga akdang *Huwag Akong Salangin Nino Man* (1906) ni Pascual Poblete at *Noli Me Tangere* (2011) ni Virgilio Almario bilang mga natatanging salin ng nobela sa Filipino. May pagmamalabis pa nga ang huling awtor dahil itinuturing niya ang kanyang obra bilang perpekto at angkop na pagsasalin sa lahat. Naisalin din ito sa iba pang mga banyagang wika. Kilala ang mga naging pagsasalin nina Jovita Ventura Castro sa kanyang *N'y touchez pas* (1980) sa wikang Pranses at *Noli Me Tangere* (1987) naman ni Annemarie del Cueto-Morth na nasusulat sa wikang Aleman. Hindi katulad ng Noli, kakaunti ang mga naging pagsasalin sa El Fili. Tampok ang pagsasalin muli nina Leon Ma. Guerrero na pinamagatang *The Subversive* (1962); Charles Derbyshire sa kanyang obrang *The Reign of Greed* (1997); at Virgilio Almario sa kanyang *El Filibusterismo* (1999).

Bukod sa mga pagsasalin, naitawid ang presensiya ng dalawang nobela sa iba't ibang paraan katulad ng mga pelikula, komiks, at dulaan. Malinaw na sa pamamagitan ng ganitong pagtrato, mauulinigan ang superyoridad ng mga nobela sa ating lipunan. Ngunit, kung ating lilimiin, bakit tila napag-iiwanan ang ilang kabataan sa pag-aaral at pag-unawa sa mga nobela ni Rizal? Sa kabila ng napakaraming pagsasalin dito at iba pang paraan, bakit nagpapatuloy pa rin ang tila kamangmangan ng ilang mag-aaral sa hayskul sa kung paano unawain ang mga nobela. Isa ito sa mga katanungang sasagutin ng pag-aaral. Isang bagay ang tinitingnan kong balakid. Malugod kong sinasang-ayunan si Virgilio Almario sa kanyang kritisismo ukol dito. Kung bakit nagiging talamak ang maling pagtrato sa mga nobela ni Rizal ay dahil sa pagsasalin mismo. Karamihan sa mga pagsasaling ito ay pinaikli, may omisyon, idagdag pa na ang holistikong diwa at kaisipan ni Rizal bilang may-akda ay naglalaho (Almario, 2008, p. 3). Tiyak ang ganitong mga uri ng kalakaran ay isang bastardisasyon sa agham ng pagsasalin. Magkakaroon ito ng

negatibong implikasyon sa mga mambabasa na ang nobela ay isang pinaikli at pinadaling bersyon ng buhay ni Rizal. Tila, "*kung ano na iyon, iyo't iyon din lang ang malalaman ko*" ang nagiging diskurso ngayon ng ilang mag-aaral. Hindi malilimi, kung talaga ba at saan nagmumula ang suliranin na kinakaharap sa pagbabasa at pagtuturo ng dalawang nobela sa hayskul. Kung maghaharaya, hindi ba't tila isang *double kill* ang kakalabasan sa oras na nagsalubong sa kamalayan ng mga mag-aaral ang hindi marangal na salin ng nobela at sasabayan pa ng hindi angkop na pedagohiya?

**Pedagohiya ng Mga Nobelang Historikal**

Madaling unawain kung tutuusin ang mga nobela ni Rizal. Bukod sa prosa ang anyo nito, ang mga naging pagsasalin dito ay umangkop sa parametrong mauunawaan ng mga *layman* sa kasaysayan o maging sa panitikan. Ibig sabihin, dahil sa pangkaraniwan ang wikang ginamit at hindi ito katulad ng panulaan, maaari rin itong ibatay sa realidad ng lipunan. Hindi katulad ng *Ibong Adarna* na nasa porma ng korido at ng *Florante at Laura* na isang awit, na kapwa itinuturo sa mas mababang antas, ang mga nobela ni Rizal ay praktikal at malaya ang pagkakabanghay. Bagama't nakaugat lahat ng panitikang itinuturo sa hayskul sa kontekstong historikal, nadadalumat ba ito kaagad ng isang mag-aaral? Halimbawa nito, ang koridong *Ibong Adarna* ay hindi lamang kwento ng pakikipagsapalaran at pag-ibig kundi malaki rin ang tuon nito sa impluwensiya ng kulturang Español. Sa pamamagitan ng kwentong pag-ibig, umangkop ang may-akda nito sa diskurso na kinakailangang paghugpungin ang espasyo at panahon ng mga Pilipino at Español. Ang kaibuturan ay nakaugat sa kaisipang kolonisador na mababakas sa empirikal na katangian ng mga tauhan, lugar, at iba pa ngunit ang kamalayan at pagkilos ay isang Pilipino (Benitez, 2008, pp. 6-7). Ganito rin ang pinagdadaanan ng *Florante at Laura.* Mula sa paggamit ng mga Kanluraning lugar (kaharian), pananamit, at pangalan, muling mauulinigan sa ilang bahagi ang kalagayan ng mga katutubong Pilipino noong dantaon 19 (Jurilla, 2005, pp. 136 at 146; Garcia, 2012) at sabihin pa, mga paglalarawan sa mga magkaribal na rasa sa istratipikadong uri ng lipunang kolonyal. Kung gayon, mas malalim pa pala ang kinakailangang pagtrato sa mga obrang pampanitikan mula sa tradisyonal na pagsasakonteksto rito. Magiging posible lamang ang ganoong pagkakataon kung ito ay inilalapat sa pedagohiya lalo na sa mga nagtuturo ng panitikan.

Sa pagtuturo nito, hindi lamang naratibo at nilalaman ang tinutungo ng mga panitikan kundi maging ang kasaysayan at kasalukuyan. Tinatawag ito bilang *conjuncture* o pag-uugnay ng nakaraan sa kasalukuyan. Bagama't magkaiba ang pagpapakahulugan dito ni Fernand Braudel noong dekada '70, hindi lamang nito tinutungo ang pag-aaral ng kasaysayan sa kasalukuyan kundi saklaw rin nito ang pag-aaral ng kasalukuyan gamit ang lente ng nakaraan (Rodwell, 2013, pp. 41 at 43; Tugano, 2019, pp. 163-164). Dagdag pa, ang mga nobela ay nagiging direktang larawan ng kasaysayan na kung minsan ay interesanteng basahin kung ihahalintulad sa isang tipikal na naratibong pangkasaysayan

(Clark at Sears, 2016, p. 9). Sa madaling salita, posible pa ngang ituring ang mga nobelang historikal bilang mga primaryang batis pangkasaysayan. Nagiging panghalili pa nga minsan ang mga nobela sa pagtuturo ng kasaysayan (Rodwell, 2013, p. 102). Isa sa mahigpit sanang panuntunan sa loob ng paaralan ay maturuan ang mga mag-aaral na magbasa ng mga primaryang batis pangkasaysayan, bumuo ng hipotesis/balangkas, at pagkatapos nito'y magsulat ng isang kasaysayang ayon sa kanilang mga natutuhan (Hartzler-Miller, 2001, p. 672). Ibig sabihin, maaari rin itong gawin sa mga nobela lalo pa't isang rekord ito ng kasaysayan. Ngunit kinakailangan din na maunawaan na hindi ito madalas nauunawaan ng isang mag-aaral sa murang edad. Ang kanilang pagtrato at pagbibigay ng interpretasyon sa kasaysayan ay hindi nakatuon base sa panahon at kapaligiran kung kailan naganap ang pinag-uusapang pangyayari. Bagkus, sila ay madalas na nagmumula sa kung anong panahon at kaganapan mayroon sila ngayon (Hartzler-Miller, 2001, p. 675). Kaya't malaki ang pagsusugal na ginagampanan ng pedagohiya sa kamalayan ng mga mag-aaral. Sa oras na hindi naituro ng mga guro nang may kawastuan o angkop na interpretasyon ang nobela o kasaysayan, maaaring magdala ito sa reinterpretasyon ng mga mag-aaral o malala pa sa mala-*historical distortion* na paglaganap ng maling kaalamang pangkasaysayan.

Isang bagay pa ang madalas na nakakaligtaan ng ilang guro sa kanilang pagtuturo ng nobelang historikal ay ang pagmulat sa mga mag-aaral ng tendensiya na ang obrang pampanitikan ay minsa'y nakaugat sa katotohanan. Kung minsan, ang mga nobela ay naisulat dulot ng mga totoong pangyayari at mga tauhan (Rodwell, 2010, w.p). May tendensiya kasing makulong lamang ang talakayan sa pagtratong literal at hindi na umalpas pa sa mga makabagong pagpapakahulugan. Ang mga nabanggit na salik ay tumutuon sa mga pedagohiya ng tradisyonal na pagtuturo ng mga nobelang historikal.

Natatanaw natin ang realidad ng pedagohiya ng karamihang guro na mas kumakatig sa mga malikhaing paraan kung ihahambing sa tradisyonal na pagtrato. Mas praktikal kung tutuusin ang ganoong metodo ng pagtuturo lalo na sa mga nobelang historikal. Maaaring matutuhan ang kabuuang konteksto at konsepto ng mga obrang pampanitikan sa pamamagitan ng interpersonal na mga gawain. Halimbawa nito ay ang pagsasagawa ng mga dula, sining-biswal, pelikula, pagkanta, pagsayaw, at marami pang iba (Rodwell, 2010, w.p) o hindi kaya'y pagsusulat mismo ng mga nobela bilang aplikasyon at pagbisita sa mga museo bilang pagdanas sa proksimidad ng kasaysayang inaaral (Hower, 2018, p. 24). May ilan ding guro ang nagsasagawa ng iba pang malikhaing paraan katulad ng *graphic narratives* o isang nilikhang termino sa pagsasama ng komiks at nobelang grapik (Bourelle, 2018, p. 14). Nagsusulat pa rin ang mga mag-aaral ng naratibo kalakip ang mga larawan (Halsall, 2018, p. 87) dahil mas nauunawaan nila ang isang nobela kung may kalakip na larawan. Bilang paglilinaw, hindi angkop na tawaging komiks ang ganitong paraan dahil may tendensiya na maliitin nila (Thompson, 2018, p. 43) ang isang nobela o dili kaya'y magkaroon ng persepsyon na ang nobelang

historikal ay isang simpleng komiks lamang. Liban dito, nakakatulong din ang pagsusulat ng *script* (Thompson, 2018, p. 52) upang maunawaan ang isang partikular na pangyayari sa nobela.

Posibleng iba nga ang maging trato sa pagtuturo ng mga nobelang historikal ngunit kinakailangan ding masumpungan na sa pagtuturo nito ay kinakabitan din ng sapat na kaalaman sa kasaysayan at lipunan. Malinaw sa ilang pag-aaral na may malaking tulong sa pagkatuto ng mga guro ang pagdalo sa mga seminar (Hower, 2018, p. 24) at habitwal na pagbabasa (Painter, 1965, p. 241) ng mga aklat. Mas nakakapagbigay ang isang guro ng mga karagdagang babasahin sa mga mag-aaral kung siya mismo ay may malawak na kaalaman hinggil sa aspektong ito. Sa pagtuturo ng mga nobelang historikal, mas kinakailangan ng isang guro ang masigasig na pagbabasa lalo na sa mga akdang pangkasaysayan. Ideyal ang pagtutumbok sa magkasabay na angkop na lapit sa pedagohiya at nilalaman ng mga obrang pampanitikan. Bilang paglilinaw, hindi ko sinasabing maging selektibo ang pagpili sa mga guro. Bagkus, ipinararating lamang na isang krusyal at komplikadong kurso ang mga nobelang historikal lalo pa't kung ang intensidad nito sa lipunan ay intak at naidikta na. Sa kaso halimbawa ng Pilipinas, mandatoryo ang pagtuturo ng *Noli Me Tangere* at *El Filibusterismo* sa hayskul. Dahil sa idinidikta na ang pagtuturo nito'y isang paraan ng pagsusulong ng nasyonalismo at pagpapahalaga sa isang bayani, kaya't isa ring kabiguan na maituturing kung hindi ito napagtagumpayang ipaunawa sa kamalayan ng kanilang mga mag-aaral.

**Ang Kalagayan ng Mga Nobelang Historikal sa Nagsasaliwaang Kultura**

Isang malawak na umiiral na kultura ang pedagohiya sa kalinangang Pilipino. Sa panunukat ng kulturang umiiral sa mga paaralan, pedagohiya ang siyang nagiging batayan upang mabatid ang nalalaman/nalaman ng isang mag-aaral (Johnson, 1998, p. 181). Ang bawat paaralan ay may kani-kanyang kulturang kinakatigan at binubuo. Ganito naman talaga ang pagpapaliwang halimbawa ni Pierre Bordieu (1977, p. 488) na ang kultura ay nabubuo at umiiral sa iba't ibang katangian, porma, at pangangailangan. Hindi *exceptional* ang ganitong paglalapat maging sa paaralan. Batay sa pangangailangan at daloy ng kanilang kapaligiran ang paggalaw at pag-iral ng kulturang pedagohikal. Sa usaping ito, tanging sektor ng kaguruan lamang ang may kapasidad na maunawaan at maramdaman ang kulturang umiiral. Bukod sa dahilang nababantad sila sa umiiral na sistema, mayroon din silang kakayahang umangkop o sumalungat. Sa kabilang banda, sila rin ang magtuturo ng kulturang iyon sa kanilng mga mag-aaral. Madalas na itinuturo ang kultura sa kung paano ito umiiral sa loob at labas ng paaralan, komunidad, at tahanan (Ladson-Billings, 1998, p. 261; Smith-Maddox, 1998, p. 306) ngunit ang pagtuturo'y indirekta na mababakas lamang sa paraan ng pedagohiya. Hindi kailangang direkta ang pagtuturo sa umiiral na kultura dahil bukod sa hindi ito gaanong mauunawaan ng mga

mag-aaral, malalim na itong salik ng kultura na hindi maaarok ng kanilang pag-unawa at interes, liban na lamang kung papasukin nila ang propesyon ng pagtuturo sa hinaharap.

Kung ilalapat ang ganitong pagtatalunton sa kultura ng pedagohiya, mababakas din ang kalakarang ito halimbawa sa maykrong salik katulad ng mga nobelang historikal na itinuturo sa paaralan. Katulad ng itinatadhana, ang guro ay nagtataglay ng gahum na manipulahin at ipaloob ang kanyang pedagohiya batay sa kanilang kinagisnan o sinalungat mang kultura. Sa palagay ng mananaliksik na ito, hindi rin tuwirang nauunawaan at nakikita ng mga mag-aaral ang ganitong sistema dahil sila ay tagapakinig lamang. Kaya't nagiging biktima ng ganitong kultura ang pagtrato sa pagtuturo ng nobelang historikal katulad ng *Noli* at *El Fili* sa hayskul.

Higit sa kinakailangang maging salalayan ng pagliliming ito ang mapanghawang-landas na pag-aaral ng Marxistang si Raymond Williams. Gamit ang natatangi niyang pagpapakahulugan at dibisyon sa kultura, posible itong gawing balangkas kung paano tinatrato at nagiging kultura ang pagtuturo ng mga nobelang *Noli* at *El Fili* sa hayskul. Ayon sa kanyang *Marxism and Literature* (1977, pp. 121-127), ang kultura ay maaaring maging dominante (dominan), natitira (*residual*), at umuusbong (*emergent*), batay sa panahon at pangangailangan ng isang lipunan. Dahil ang edukasyon ay isang malawak na kultura, kung kaya't posibleng ilapat dito ang komprehensibong pagdadalumat ni Williams. Kung gayon, kailangan ding matunton ang konsepto ng *hegemonia* sa sektor ng paaralan na tuwirang nilalangkapan ng pedagohiya. Malaki ang ginagampanan ng gahum ng edukasyon dahil nagsisilbi itong aparato ng pagbabago sa sosyopulitikal o sosyolohikal na salik ng lipunan (Mayo, 2008, pp. 420-421). Lohikal din na ang bawat relasyon at umiinog na salik sa *hegemonia* ay edukasyonal (Gramsci, 1971, p. 350; Entwistle, 1978, p. 23) na ang ibig sabihin, ang mga nosyon ng ideolohiya at panibagong paniniwala ay natututuhan lamang sa mga paaralan. Interkonektado ang mahahalagang konseptong ito nina Williams at Gramsci sa pagbaybay ng kalagayan ng umiiral na kultura lalo pa't sinusugan ng una ang panukala ng huli na ang *hegemonia* ay nagtataglay ng dominasyon at subordinasyon sa lipunan at kultura (San Juan, 1999, p. 123). Ani San Juan:

> …ang pagpapakilala ng teorya ng hegemonya ni Gramsci at ang papel na ginampanan ng mga intelektwal sa mga pormasyon ng kultura ay lalong lumalalim at umaabot sa kaibuturan ng paglalarawan sa kultura. Kung kaya't ang kultura ngayon ay sinusukuban na ng mga may kapangyarihan (malayang salin) (San Juan, 1999, p. 131)


Karamihan sa mga kultura ay dominante, kung saan mababakas ang lantarang dominasyon sa kanyang dimensyon at manipulasyon sa lipunan. Ang ganitong uri ng kultura ay naghahari dahil bukod sa malawak ang kanyang sinasaklaw, patuloy pa rin

ang kanyang pag-iral sa lipunang hegemoniko. Binanghay din ni Williams ang pag-iral ng natitirang kultura (*residual culture*). Ang pagpapakahulugan sa uring ito ay mababakas sa kung paano naimpluwensyahan ng mga lumang kaugalian at paniniwala ang modernong panahon (Williams, 1977, pp. 121-127) kahit sabihin pang mayroon o walang "malay" ang lipunan hinggil sa eksistens nito. Sa kabila ng mga ganitong uri ng kultura, may tumatapat ditong panibagong uri na maaari pa lamang linangin at basagin ang tradisyonal na pagtingin sa kultura. Tinatawag itong umuusbong na kultura (*emergent culture*). Sa tinuran ni Williams, may tendensiya na gumawa ng panibagong pagtrato sa kultura ang isang grupo ng lipunan o indibidwal man (Williams, 1977, pp. 121-127). Dahil sa kanyang pangangailangan, malaki ang kapasidad ng tao na salungatin ang umiiral (Christopher, 2013, p. 5) o dominanteng kultura. Posible na maituring ito kung minsan bilang dominante dahil ito ay naging panghalili na o tila isang oposisyon sa umiiral na kultura (Moratilla, 2019). Sa kabilang banda, kailangang maunawaan na ang pagtrato sa uri ng kulturang ito ay mas reaktibo ang komprontasyon sa dominanteng kultura. Ang tensyon ng salungatan ay maaaring magdala sa umuusbong na kultura sa estado ng pagiging ganap na dominante.

Sa mga nabanggit na konsepto at pananaw sa kultura iikot ang aking pagtatalunton sa kultura ng pagtuturo at pagkatuto sa dawalang nobelang historikal ni Rizal. Bagama't, higit na bibigyan ng tuon bilang balangkas ang dominante at umuusbong na kultura ng pagtuturo at pagkatuto ng dalawang nobela o di kaya'y ang posibeng pagsasaliwaan ng dalawang uri. Kung titingnan ang ginawang balangkas **(Pigura 1)**, masisipat na umiinog ang pag-aaral sa dalawang nobelang ito sa magkaibang panahon—kolonyalismo at post-kolonyalismo. Inilimbag ang *Noli* noong taong 1887 samantalang 1891 naman ang *El Fili* noong mga panahong naghahari pa rin ang kapangyarihang kolonyal. Kaya't, malinaw ang estado ng mga ito bilang obrang isinulat sa malayong nakaraan. Ngunit, aalpas ang pagiging mahalaga rito hanggang sa panahon ng post-kolonyalismo bilang babasahing nasyonalismo at makabayan na kinakailangang maunawaan ng mga kasalukuyang mag-aaral. Mananatiling post-kolonyal ang estado ng mga nobelang ito dahil patuloy pa rin itong tinitingnan sa aspektong pulitikal at ideolohikal sa halip na isang literatura (Chapman, 2006, p. 7) lamang at binabasa bilang pagbasag sa isteryotipikong pagtingin ng mga kolonisador sa mga kolonya bilang imperyor (Ochoa, 1996, pp. 223-224).

**Pigura 1**

*Paglalapat ng Kultura sa Pedagohiya ng Nobelang Historikal*




*Note.* Mula kay Tugano (2019).

Kung gayon, bakit ko itinuturing na maaaring tingnan ang kasalukuyang pagtuturo at pag-aaral ng dalawang nobela sa perspektiba ng *dominant culture* at *emergent culture* ni Williams? Ang dominasyon ng pagpili at pagtuturo sa dalawang nobela ay dulot din ng dominanteng pagtingin at pagtrato kay Rizal. Malinaw sa mga pag-aaral ng anumang disiplina, ang pagsasainstitusyon sa isang bagay, ideya, at personalidad ay isang bahagi ng hegemonya ng mga dominanteng sektor ng lipunan (Selznick, 1996, p. 271; March at Olsen, 1984, p. 738; Pedersen, 2002, pp. 683-684). Sa institusyonalisasyon ng kanyang dalawang nobela, malinaw na dominante ang pagmumulat sa mga mag-aaral ng diwa ng kabayanihan at nasyonalismo ni Rizal. Nang isinusulong pa lamang ang panukalang batas noong dekada ‘50, mababakas na ang pagiging dominante ng mga nobela ni Rizal. Sa Panukalang Batas blg. 5561 na inihain ni Jacobo Gonzales, ipinahayag:

> Isinasaad ng batas na ito ang sapilitang pagpapabasa ng mga nobela ni Jose Rizal, ang Noli Me Tangere at El Filibusterismo sa orihinal o walang putol na bersyon sa Ingles [sic] at pambansang wika, sa lahat ng mga paaralan, kolehiyo at pamantasan, publiko o pribado. **Pinili ng batas na ito ang mga nabanggit na nobela ni Rizal** sapagka’t siya ang pinakadakilang bayani ng ating lahi, apostol ng nasyonalismong Pilipino, ang pinakadakilang Malayo na nabuhay, pandaigdig na henyo at bayani ng sangkatauhan. **Pinili namin ang mga nobelang ito ni Rizal** sapagka’t sa mga pahina nito makikita natin ang ating mga sarili– ang ating mga kamalian, ang ating lakas, ang ating mga katangian at ganoon din ang ating mga kahinaan at mga bisyo. Sa pagkakaroon ng kaalaman sa mga bagay na ito mula sa mga pahina ng mga

> nobelang ito, tayo ay magigising at maihahanda natin ang ating mga sarili upang magtiis na siyang magiging daan upang tayo ay huwag umasa sa iba, magkaroon ng paggalang sa ating mga sarili at maging tunay na maligaya. Ang dalawang nobelang ito ay salamin ng buhay ng ating bansa, ngayon at noong panahon ni Rizal. Ang nagbago lamang ay ang petsa at pangalan ng mga tauhan (salin nina Rosales at Coloma, 2005, pp. 3-4)

Kung papansinin, tila baga walang ibang nobela noong mga panahong iyon na katulad sa mga obra ni Rizal na nagsusulong ng malawak na diwa ng nasyonalismo. Ito marahil ang humubog sa kultura ng pedagohiya ng mga nobelang historikal pagkatapos ipasa ang nasabing batas. Hindi nakapagtataka kung bakit naging ganito ang diskurso ng mga paaralan kung paano tratuhin si Rizal at kanyang mga nobela. Dekada '50 nang ipasa ang batas. Maraming sumulpot na mga babasahin noong sumunod na taon lalo na noong dekada '60 hanggang '80 (Gagelonia, 1965, pp. 96-141; Capino et al., 1977, p. 154; at Corpuz et al., 1988) at mapapansin na halos lahat ay konsistent ang dominanteng layunin ng pag-aaral sa mga isinulat ni Rizal bilang magandang halimbawa ng obrang magpapabago sa lipunan noong mga panahong iyon at sa mga darating pa. Kung lilimiin, isang retorika ang pagtrato sa mga nobela ni Rizal noong mga panahong nabanggit. Nagpatuloy ang ganitong kalakaran hanggang sa pagpasok ng dekada '90. Madalas pa ring ikinukulong ang diskurso sa nilalaman at tunguhin ng mga nobela sa mas angkop at praktikal na paraan. Kinakailangang matutuhan ang literal na nilalaman ng nobela nang hindi pinagdududahan ang may-akda nito. Lumalabas na isinasantabi at binabalewala lamang ang ilang negatibong implikasyon na maaaring ipukol sa nobela ni Rizal. Purong positibo at dogmatiko ang nagiging lapit sa pagbabasa ng mga nobela. Nang kami'y nasa Canberra, Australia ni Dr. Corazon San Juan, dating Dekana ng Kolehiyo ng Wika sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas, naikuwento niya sa akin ang pagtuturo ng dalawang nobela ni Rizal sa hayskul noong dekada '90:

> …binabasa lang ang nobela base sa kung ano'ng *available* na aklat at madali ang salin na nauunawaan ng mga bata. Bawal magbigay ng maling interpretasyon ang mga guro dahil baka mali, kawawa naman sila. Ni hindi mo nga pwedeng i-kritik si Rizal at ilang mga gawa niya baka maimpluwensiyahan ang mga bata… mag-iba pa ang pananaw nila doon. Saka, ipamulat dapat sa mga estudyante ang magandang ginawa ni Rizal bilang ehemplo, saka mga *highschool* pa lang sila hindi dapat kritikal paliwanag mo (San Juan, 2016)

Diniyos si Rizal sa klase noong mga panahong iyon. Hindi pa rin naman namatay ang pag-Diyos kay Rizal hanggang sa ngayon. Sinabi ni Mon Karlo Mangaran sa kanyang sanaysay (2011), na may mga kasamahang guro siya na sinibak sa paaralan dahil tinalakay sa malalim at kritikal na pamamaraan ang mga nobela ni Rizal (p. 39). Pinaratangang mga radikal sapagkat sa ganoong uri ng pagtuturo. Paano na lang ba

talaga ituturo si Rizal at mga nobela niya? Sakyan na lamang ang kinaugalian at patuloy na ituro ang ilang kabuladasan ng kanyang mga akda? Gayumpaman, may dalawang bagay akong naoobserbahan sa dominanteng kultura ng pagtuturo ng nobela sa kalagitnaan at huling bahagi ng dantaon 20. Una, bukod sa lutang ang retorikal na pagtrato, pinadadali ang pag-unawa sa mga nobela gamit ang pinadaling salin na mas maiintindihan ng mga mag-aaral. May implikasyon ang hindi tapat at pagkakatay ng mga salin. Katulad ng nabanggit na, naipaliwanag na ito ni Almario. Aniya, sa ngalan ng layuning pang-edukasyon ang ilang salin ng nobela (madaling pagsasalin) ay birtud pa nga sa halip na ituring na krimen ang pagsasalin sa mas mauunawaang paraan (Almario, 2008, p. 4). Mas mahalaga sa ibang guro na maging madali ang pagbabasa sa hindi nauunawaang orihinal. Kung tutuusin, wala namang perpekto at tapat na pagsasalin at dito ko naaalala ang sinabi ni Ramon “Bomen” Guillermo (2009) na kung gusto nating maunawaan ang mga sulating naisulat sa mga banyagang wika, mas mabuting aralin at magpakadalubhasa sa ganoong wika at ikaw mismo ang magsalin at magbigay ng sarili mong interpretasyon.

Ang pangalawang obserbasyon sa dominanteng kultura sa nobela ay iinog yaon sa kawalan o lisyang kakulangan ng ilang kaguruan at mga mag-aaral ng kritikal na perspektiba sa mga nobela. Limitado ang pagbibigay ng kritikal na obserbasyon tungkol dito. Kung tutuusin, ang kritisismo ay siyang unang pinagyayabong sa pagbabasa ng mga nobela. Ngunit, kailangan ding mabasa nang may kawastuan ang mga sulatin para malapatan ng angkop at maayos na kritisismo (Almario, 2014, p. 1). Kailangan ding isaisip ang pagpapayabong sa kritikal na pedagohiya bilang malalim na diskurso sa nagtatalabang edukasyon at kultura. Mahalaga ang *critical pedagogy* upang mabatid ang kahihinatnan sa oras na inihugpong ang mga kritikal na teorya (madalas umuugat din sa kaalaman ng agham panlipunan) sa edukasyon na nasa sistematikong paraan (Freire, 1985; Kincheloe at Steinburg, 1997, p. 24). Katulad nito, ang nobela ay kailangang unawain sa paraang kritikal. Hindi lamang ito usapin ng pagbabasa ng mga mag-aaral ngunit kinakailangan din niyang mabatid kung bakit mainam ang malalim na pag-aaral dito. Hindi rin ito simpleng pagbabasa ng teksto ngunit kaakibat din dapat ang pagtugaygay sa kung ano ang impak nito sa mundo (Giroux, 1985, p. 22). Gayundin dapat ang mamayani sa panig ng mga guro. Hindi rin ito usapin lamang ng kung paano maipapasa ng mga guro ang kaalaman sa kanilang mga mag-aaral ngunit kailangan din nilang masumpungan kung anong mga kaalaman ba ang katanggap-tanggap (Moratilla, 2012, p. 163) para sa mga mag-aaral na yayanig sa kanilang kritikal na pag-unawa sa mga konteksto at konseptong umiiral halimbawa sa dalawang nobela ni Rizal.

## Itong Siglo: Pagtindig sa Dominasyon ng Mga Nobelang Historikal

Sa pagpasok ng dantaon 21, isa sa mga malaking hamon ng edukasyon sa Pilipinas ay ipaunawa ang mga nobelang historikal sa mga tinatawag na *Generation Z.* Ang pagbabasa ng mga nobela ni Rizal ay nagpasalin-salin na rin sa mga henerasyon ng Pilipino. Kung lilimiin, ang mga tinatawag na *Generation X* ang unang pormal na nabantad sa pag-aaral ng mga nobela ni Rizal. Sila ang mga isinilang sa pagitan ng mga taong 1960 hanggang sa maagang bahagi ng 1980. Tumawid pa rin ang impak ng mga nobela sa tinatawag na *millenials* o mga ipinanganak pagkatapos ng dekada 1980, kalagitnaan ng dekada 1990, at maagang bahagi ng dekada 2000. Ang pagsilang ng mga *Generation Z* noong mga kalagitnaan ng dekada ‘90 at dekada 2000 ay maituturing bilang maalam sa teknolohiya. Magkakaroon ng tendensiya na maging irasyonal na ang kanilang pagtrato sa pagbabasa at mga diskusyon (Coupland, 1991; Low at Chaudhry, 2009, p. 201). Ito ang dahilan kung bakit ko binibigyan ng diin ang partikular na henerasyon na ito dahil bukod sa panahon nila ngayon, nais kong tuntunin ang kalagayan ng kanilang pagtingin sa mga nobela ni Rizal.

Upang tuntunin ang preliminaryong kalagayan nito, sumangguni ako sa nilalaman ng gabay pangkurikulum na inilabas ng Departamento ng Edukasyon noong 2016 sa pagtuturo ng *Noli* sa Baitang 9 at *El Fili* naman sa baitang 10. Sa ikadadali ng pagbabanghay, gumawa at hinati ko sa anim na salik **(Talahanayan 1)** ang pagbabalangkas. Makikita sa panimulang tema na tila umaangkla ang kaalaman sa perspektiba at kamalayan tungo sa labas. Ang mga temang “*Noli Me Tangere sa Puso ng mga Asyano*” at “*El Filibusterismo sa Nagbabagong Daigdig*” (DepEd, 2016a, p. 172; DepEd, 2016b, p. 183) ay tila pumupukol sa pagnanasang iugnay ito sa antas ng kamalayan tungo sa globalisasyon. Bago tuwirang talakayin ang *Noli*, inaaral muna sa Baitang 9 ang mga panitikan sa Timog Silangang Asya, Silangang Asya, at Kanlurang Asya na madalas ay nasa anyo ng mga maiikling kwento, nobela, tula, sanaysay, dula (DepEd, 2016a, p. 166), *tanka, haiku,* pabula (DepEd, 2016a, p. 168), elehiya, alamat, at epiko (DepEd, 2016a, p. 170).

**Talahanayan 1**

*Tema para sa Pagtuturo ng Noli at El Fili Ayon sa Opisyal na Curriculum Guide ng DepEd*

| Mga Salik | NOLI ME TANGERE | EL FILIBUSTERISMO |
|---|---|---|
| **Tema** | Noli Me Tangere sa Puso ng mga Asyano | El Filibusterismo sa Nagbabagong Daigdig |
| **Naunang Panitikan Bago Talakayin ang Nobela** | Mga Panitikan sa Timog Silangang Asya, Silangang Asya, at Kanlurang Asya | Mga Panitikan sa Mediteranyo, mga bansa sa Kanluran, at Aprika at Persya |
| **Pamantayan sa Nilalaman** | Pag-unawa sa isang obra maestrang pampanitikan ng Pilipinas | |
| **Pamantayan sa Pagganap** | Pagpapalabas ng *movie trailer* tungkol sa ilang tauhan ng nobela | Pagpapalabas ng *photo/video documentary* na mayroong kinalaman sa kasalukuyan |
| **Haba ng Pagtuturo** | Ika-apat na Markahan at sampung (10) linggo | |
| **Mga *Domain*** | Pag-unawa sa Napakinggan at Binasa; Paglinang ng Talasalitaan; Panonood; Pagsasalita; Pagsulat; Wika at Gramatika; at Estratehiya sa Pag-aaral | |

*Note.* Ibinuod ng may-akda batay sa curriculum guide ng DepEd.

Samantala, gayundin ang tunguhin ng *El Fili* na umiinog naman ang unang tatlong markahan sa pagbabanghay ng mga banyagang panitikan sa Mediteranyo, Europa, at Aprika, at Persya sa anyo ng mitolohiya, parabula, sanaysay, epiko, maikling kwento, isang kabanata ng nobela (DepEd, 2016b, p. 175), tula, dula (DepEd, 2016b, p. 178), at anekdota (DepEd, 2016b, p. 181). Bagama't ang pamantayan ng nilalaman ng kurikulum ukol dito ay upang ipaunawa ang isang obra maestrang pampanitikan ng Pilipinas (DepEd, 2016a, p. 172; DepEd, 2016b, p. 183) ngunit tila taliwas ito sa ipinapakita ng kabuuan. Bukod sa komprehensibo at paktuwal ang pagtalakay sa panitikang dayuhan, ang dapat at tunay na maging bida sa talakayan ay nailagay sa huling markahan, na dapat maipaunawa sa mga mag-aaral sa loob lamang ng sampung linggo (DepEd, 2016a, pp. 172-173; DepEd, 2016b, pp. 183-186). Sa pagtatapos ng markahan, nagiging pamantayan ng kanilang pagganap ang pagpapalabas ng *movie trailer* at mga dokumentaryo na tumutuon sa mga pili at natatanging tauhan at paglalapat ng solusyon sa kasalukuyang suliranin. Angkop din naman ang ganoong metodo sapagkat nananatiling buhay hanggang sa ngayon ang ilang tauhan ng nobela (*i.e.* baliw na si Sisa, mapanamantalang si Damaso, mga batang sina Crispin at Basilio, at iba pa) (Barcelona, 2011, p. 9; Malabanan, 2011, p. 36). Anupaman, ang uri ng pagkatuto ay hinati-hati sa iba't ibang *domain* katulad ng kinakailangang maunawaaan ng mga mag-aaral ang teksto batay sa kanilang mga narinig at binasa; paglilinang ng talasalitaan; panonood ng mga palabas na tila nilalayon pa ngang ikumpara ito sa mga kasalukuyang telenobela; pagsasalita katulad ng monologo; pagsusulat; pagtuon din sa wika at gramatika; at ilang estratehiya na dapat gampanan ng mga guro.

Itinadhana ng kurikulum na ito ang mga dapat gawin ng kaguruan at dapat matutuhan ng mga mag-aaral. Ang kurikulum, liban sa pagiging kaligiran ng mga paaralan, ito rin ang nagiging batayan ng kahihinatnan ng mga mag-aaral (Mendoza at Nakayama, 2003, p. 13) sa oras na matapos nila/umangat sila sa mas mataas na baitang. Salamin ito kung naging angkop ba ang pagtrato ng kurikulum sa kanilang pagkatuto.

Mahigpit at sistematiko ang mandato ng kurikulum sa pagtuturo ng mga nobela ni Rizal. Kaya't maituturing ito bilang sentro ng pagiging dominante sa antas ng edukasyon. Sa ganang akin, umiinog pa rin ang ganitong pagtrato sa dominanteng kultura (Williams, 1977, pp. 121-127) sa tendensiya nitong maghari sa pang-araw-araw na pamumuhay ng mga guro at mag-aaral. Posible na may makaligtaan at hindi maisaalang-alang sa oras na magpakahon tayo sa itinatadhana ng kurikulum. Gumanap nang malaki ang *powerful knowledge* (Young, 2014, p. 8; Harland at Wald, 2018, w.p) bilang alternatibong pagtrato na makakaalpas sa itinatadhana ng kurikulum. Nilalayon nitong pumalugar sa estado ng espesyalisasyon upang magkaroon ng pokus. Malinaw ang katwiran na may mas malalim na kaalaman sa bawat disiplina na higit pa sa idinidikta ng kurikulum sa oras na dalumatin ang ganoong uri ng kaalaman. Kaya't malaki ang kaibahan ng pedagohiya at kurikulum. Nagsisilbing gabay lamang ang kurikulum alinsunod sa itinatadhana ng pangangailangan ng lipunan at paaralan samantalang ang pedagohiya ay isang susi kung paano itrato ng mga guro ang nilalaman ng kurikulum (Young, 2018, p. 8). Ngunit ito ba ang nangyayari sa realidad?

Dahil isang mandato at dominanteng salik ang pagdidikta ng kurikulum sa mga nobelang ito, tila lumalabas ang ideolohikal na katangian nito. Binigyan ng pagkakakilanlan ang ganitong estruktura bilang *hidden curriculum* dahil ginagamit na instrumento kung minsan ang kurikulum sa pagkontrol ng takbo at kaisipan ng lipunan (*social ordering*) (Apple, 1976, p. 209) at bilang indirektang aparato tungo sa pulitikal na interes (Carlson, 1992; Pinar et al., 1995, pp. 243-244). Sa ilang mga kaso, kahit sabihin pang may mga guro na nagtatangkang kumawala sa ganoong parametro at nagnanais na ituro ang mas angkop at mas makabuluhan ayon sa kanilang palagay (Davies, 2007, p. 53), napipilitan silang pumailalim na lamang sa sistema ng kurikulum dahit ito ay idinikta na at mandatoryo. Lehitimo ito dahil kompleks ang paaralan bilang isang institusyon. Ibig sabihin, liban sa taglay nito ang katangian bilang isa sa mga kumakatawan ng estrukturang panlipunan, nagagawa nitong maging dominante at magkaroon ng akses o kontrol, ayon sa kanyang kakayahang gawin ito (Bergenhenegowen, 1979, p. 374).

## Paglalarawan sa Umiiral na Pagtrato sa Mga Nobela ni Rizal

Upang subukin ang posibleng katotohanan hinggil sa pagtuturo at pagkatuto sa mga nobela ni Rizal sa kasalukuyang panahon, nagsagawa ako ng mga paraan nang sa gayo'y mabigyan ng dyastipikasyon at balidasyon ang mga binabanggit sa naunang bahagi. Kinakailangan itong gawin upang malimi, gamit ang mga kredibleng datos, ang kalagayan ng mga nobela ni Rizal sa ilang paaralan.

Gumamit ako ng dalawang paraan para makakuha ng mga datos para sa paksa. Sa panig ng mga guro na nagtuturo ng dalawang nobela ni Rizal, mainam ang *self-*

*administered survey* na kinalalakipan ng mga katanungan na may kinalaman sa pedagohiya o metodo ng kanilang pagtuturo, pansariling pananaw, at ebalwasyon, at ilan pang mga kaugnay na salik. Ang mga kalahok ay nagmula sa Lungsod Marikina, Metro Manila. Nagsagawa ng sarbey noong Abril 24-27, 2019. Pinili ang mga respondent gamit ang *random sampling.* Suma total, nakalikom ng anim (6) na respondent mula sa publiko at pribadong paaralan. Bilang bahagi ng etikal na pananaliksik, hindi ipapakilala ang identidad ng mga guro. Sa halip, sa kabuuang daloy ng talakayang ito, makikilala sila batay sa kanilang kasarian, edad, at uri ng paaralang pinagtuturuan ngayon (pribado man o publiko). Kung gayon, ang mga respondente ay sina [L, 37, PB], [B, 39, PB], [B1, 24, PB], B2, 24, PB], [L, 23, PR], at [L, 26, PB]. Sa anim na respondente, apat (4) ay nagtuturo sa malalaking publikong paaralan sa Marikina; isang (1) hindi sektaryan na pribadong paaralan; at isang (1) paaralang pang-agham. Sinagutan nila ang sarbey ayon sa kanilang konsent at nalalaman.

Samantala, higit pang kailangang malaman ang sitwasyon ng pagkatuto sa mga nobela. Kaya't pumili ng mga mag-aaral batay sa mga sumusunod: Una, kinakailangang sila ay sumailalim na o napagdaanan na ang *Noli* at *El Fili* bilang mga asignatura. Bagama't may mga respondent na estudyante sa kolehiyo, naging batayan na dapat hindi pa nila nakukuha ang kursong tungkol sa *Buhay at Mga Sinulat ni Rizal.* Bilang inisyal na pagkuha ng mga respondente, nagpatulong ako sa tinatawag na *gatekeeper.* Sila ang mga taong may direktang kaugnayan, malapit, o kaibigan ng mga potensyal na respondent (Bogdan at Taylor, 1975, p. 32; Neuman, 2004, p. 273; Lavrakas, 2008; McFadyen at Rankin, 2016, p. 83). Wala akong anumang akses sa mga *senior high school* na naging bahagi ng pag-aaral. Hindi katulad ng naging pagtrato sa kaguruan, hindi angkop para sa kanila ang sumailalim sa isang sarbey dahil may tendensiya na hindi nila ito seryosohin. Kaya't sa halip, ginamit ang *focus group discussion* (FGD) sa kanilang panig. Mas higit pa, kinakailangang protektahan ang kanilang identidad dahil ang ilan sa kanila ay menor de edad pa lamang. Naisagawa ang FGD noong Mayo 3, 2019 at natapos ang 21-pahinang *verbatim transcription* noong Mayo 5, 2019. Mula doo'y naganap ang *coding* para matukoy ang kanilang pagkatuto sa mga nobela ni Rizal. Ang pitong (7) respondent ay sinadyang hindi banggitin ang kanilang paaralang kinabibilangan upang maging kompidensyal. Mula sa pitong respondent, tatlo (3) ang nagmula sa pribadong paaralang sektaryan; dalawa (2) mula sa hindi sektaryan na pribadong paaralan; at dalawa (2) rin ang nagmula sa publikong paaralan ng Marikina. Ang ilan sa kanila ay hindi rin magkakakilala. Sa kabuuan ng pag-aaral na ito, ipapakilala sila batay sa kanilang kasarian, edad, at uri ng paaralang pinasukan noong kinukuha nila ang *Noli* at *El Fili.* Bilang anonimidad, makikilala sila rito bilang sina [L, 18, PR], [B, 19, PB], [L1, 19, PR], [L2, 19, PR], [B, 17, PR], [B, 15, PR], at [L, 16, PB].

## Kultura ng Pagtuturo sa Mga Nobela ni Rizal

Sa isinagawang pag-aaral, lumilitaw ang tatlong tampok na tema o katangian na dumadaloy sa pagtuturo ng mga respondente. Una, ang kanilang metodo o pedagohiya ng pagtuturo sa mga nobela. Ikalawa, ang mga suliraning kinahaharap nila na kinapapalooban ng sanga-sanga pang mga salik. Panghuli, ang nakikita nilang paraan sa mas malawig pang pag-unawa sa mga nobela ni Rizal.

Ideyal ang pagtuturo ng mga nobela kung ito ay naiaangkop sa tamang pagtrato. Sa mga naunang pag-aaral (Harper, 1988, p. 403; Roberts, 2018; Meng et al., 2019), kaakibat ng maayos na pagtuturo sa mga nobela ay pumapaloob kung paano ito ipapakilala sa mga mag-aaral. Sa simpleng pagbibigay ng kaligiran tungkol dito; pagmumulat kung bakit ito kailangang aralin; at ano ang mga posibleng impak nito sa lipunan– ay maituturing nang angkop na metodo. Kahit sabihin na magkakaiba ang naging trato ng mga guro rito, masusumpungan pa rin ang kanilang tradisyonal at palasak na metodo sa pagtuturo ng mga nobelang historikal. Anila:

> Ang *K to 12 Curriculum* ay **nakatuon** sa tinatawag na *Learner Centered* na dulog kung kaya't binusog sa mga pangkatan, gayundin sa indibidwal na gawain ang pagtuturo ng *Noli* (B1, 24, PB)
>
> Ang ilan sa mga aktibidades na ibinigay/ginamit ay nakabatay sa *curriculum guide* na ibinigay ng DepEd (B2, 24, PB)

Malinaw na mahigpit ang kanilang pagtuon sa itinatadhana ng kurikulum sa pagsagawa ng kanilang mga aktibidad sa mga mag-aaral. Kung babalikan ang gabay pangkurikulum ng mga nobela, ganito ang mahigpit na panuntunan sa pagbubuo ng mga panukat na metodo sa mga mag-aaral. Ito ang dahilan kung bakit hindi naiiwasan ang tila talamak na ganitong mga gawain. May ilang guro na nagsasabing mas epektibo pa rin ang mga tradisyonal na gawain at pagsasanay:

> Mas pinipili ko pa ring maging tradisyonal gaya ng pagbabasa nito ng kabanata (sic) at mas pagiging akademiko kaysa sa nakalilibang gaya ng pagsusuri sa implikasyon na ipinapakita ng *Noli* at *El Fili* sa kanyang panahon at kaugnay na mga pangyayari sa kasalukuyan… hindi sapat na malaman lamang ng bata ang buod ng nobela bagkus manamnam ang bawat tagpo nang makita ang kabuuang larawan (L, 26, PB)

Madalas na nakatuon ang mga pedagohiya sa pagbabasa ng mga teksto na hinahaluan ng iba pang mga estratehiya katulad ng panonood ng pelikula. Malinaw na itong ipinaliwanag sa isang pag-aaral (Rodwell, 2010, w.p). Ayon sa kaguruang kumakatig sa ganitong uri ng metodo:

> Maliban sa nakasanayan na mga gawain tulad ng talasalitaan, mga pagganyak, pagpapabasa, at iba pang mga estratehiya… **pinakamabisa** ay pagpapanood ng pelikula at pagpapapagawa ng dula-dulaan (L, 37, PB)
>
> Paunang pagbabasa sa kabanata ng *Noli* at *El Fili,* panonood gamit ang *multimedia*, mga palabunutang tanong at sagot, at pangkatang gawain para sa pangyayari (B, 39, PB)
>
> Malayang talakayan, pangkatang gawain, at pagsusuri. Ang mga metodolohiyang ginamit sa pagtuturo ay nagbibigay kalayaan sa mga mag-aaral na mas lalong mag-isip, magtanong, at magsaliksik sa mga bahagi ng nobela (B2, 24, PB)

Ang mga naunang pahayag ay mula sa boses ng mga guro sa publikong paaralan. Malinaw ang kanilang pagtrato ay may tuon sa pagbabasa at pag-unawa ng mga teksto. Sa kaso naman ng isang pribadong guro, nagpapabasa rin siya ngunit sa paraan ng *top-down* dahil mabisa rin ito sa pagpoproseso ng nilalaman at kahulugan (Calfee at Drum, 1978, p. 190; Abraham, 2000, p. 6). Ang nakakatuwa pa rito, siya lamang ang bukod-tanging nakapansin sa iisang suliranin na hindi madalas nakikita. Aniya:

> Madalas ko ginagamit ang *top down method* para matukoy ko kung ano na ang kabuuang kaalaman ng mga mag-aaral sa nobela… basehan kung gaano na kalalim ang pagkakaunawa nila sa nobela lalong lalo na na hindi ako ang naging guro nila noon… (L, 23, PR)

Ang tinutukoy na suliranin sa huling pahayag sa itaas ay ang pagpapalit-palit ng mga guro sa dalawang nobela. Madalas itong napapansin ng mga mag-aaral (papalawigin sa susunod na bahagi) ngunit hindi ng mga guro (kanilang sarili). Malaki ang kinalaman kung hindi parehong guro ang magtuturo sa sikwel ng nobela dahil magkaiba sila ng perspektiba at pundasyon hinggil dito.

Mas nakalulunos pa kumpara rito ang iba pang suliranin na kinahaharap ng ilang guro. Ang realidad ng mga kaugnay na problema ay may kinalaman sa oras, mapagkukuhanang batis, at sapat na kaalaman at pagsasanay. Una, bakit oras? Ang ikinagagalit ko sa sistema kung paano itrato ang nobela ay tila kailangan lamang na maitawid o mairaos sa ngalan ng kurikulum at mandato ng batas. Ang pag-aaral sa nobela ay tumatagal lamang ng sampung linggo (DepEd, 2016a, pp. 172-173; DepEd, 2016b, pp. 183-186) at ito ay nasa huling markahan pa. Hindi sapat kung halimbawa ay yaong mga madalas na batayang aklat ang gagamitin sa talakayan (De Vera et al., 2006; Garcia, 2009; Abueg at Sayas, 2010; Ongoco, 2010) dahil bukod sa marami ang

kabanata lalo na ang *Noli,* mahaba ang nilalaman. Kung sa bagay, ang mismong kurikulum na nga ang nagmando na ituro na lamang ang mahahalagang tauhan at pangyayari. Sinusugan ito ng isang guro:

> Sa kasalukuyan, ang batayan na lamang ng pagtuturo ng *Noli* sa *K to 12* ay mga mahahalagang tauhan. **Hindi na kailangan** ang pagtuturo ng kabuuang pangyayari or *by* kabanata (B, 39, PB)

Kung lilimiin ang halos lahat ng mga respondenteng guro, wala ni isa sa kanila ang nakatapos na talakayin ang nobelang *Noli*. Malimit na nagiging dahilan ay kakapusan sa oras. May tendensiya na madaliin talaga ang pagtuturo sa mga ito at makaligtaan ang mga potensyal at mahahalagang impormasyon na dapat malaman [*powerful knowledge* (Young, 2014, p. 8; Harland at Wald, 2018, w.p)]. Ganito ang mga pahayag:

> **Hindi ito natapos** sa kadahilanang tinatalakay ito sa *huling quarter* ng taon, aralan ay 2-3 buwan lamang ito natatalakay, mahirap itong matapos (L, 37, PB)

> Hindi, **kinulang ng panahon** (B1, 24, PB)

> Mahigit dalawang buwan (ang pagtuturo), **hindi ko ito natapos** dahil sa kakulangan ng oras/araw sa pagtuturo nito… bukod sa ikaapat na markahan lamang ang nakalaang kwarter… (B2, 24, PB)

> Mayroon akong 3 buwan para ituro ang nobela… **hindi rin namin natapos** ang nobela (L, 23, PR)

Hindi katulad ng *Noli,* mabilis natapos ng ilan ang *El Fili* dahil mas maikli nito at ipinaliliwanag na lamang sa pamamagitan ng mga *multimedia* at iba pang mga aktibidad. Ang mga naging pahayag sa itaas ay malinaw na nagsasabing hindi naituturo nang maayos ang nobela dahil kinukulang ang guro sa oras. Kung tatasahin, isang kontradiksyon na sa kabila na pinaiikli ng kurikulum ang pagtuturo ng nobela, hindi pa rin ito natatapos. Mahalagang tingnan din na isang problema kung mayroon bang sapat na *training* ang mga guro para ituro ito. Sa pitong respondenteng guro, iisa lamang ang nakadalo na sa seminar kaugnay ng pagtuturo kay Rizal. Marami sa kanila ang nagsabing walang oras at ang iba pa ay naghihintay lamang ng mga libreng palihan. Kung mayroon man, tila puro sa pedagohiya ang tema ng mga seminar at tila rin nalilimitahan ang sa nilalaman. Sabi ng isang guro: “Tungkol iyon sa pagtuturo ng panitikan, nagkaroon ng dagdag na kaalaman/**estratehiya** na maaaring gamitin sa pagtuturo (B2, 24, PB).”

Hindi maitatatwa na mahalaga ang pagdalo sa mga palihan at seminar. Bukod sa nakapagpapatibay ito ng pundasyon at pilosopiya sa pagtuturo (Soares, 1998, p. 217), makapagbibigay ito ng pagkakataon sa kanila na pansinin ang pagkukulang at maling

hakbang ng kurikulum sa edukasyon (Shechtman et al., 2005, p. 145) na magdadala sa kanila upang makapaghain ng solusyon (Essien et al., 2016, p. 32), upang hindi sila maging pasibong guro na tagatanggap lamang ng idiniktang kaalaman ng nasa itaas. May karapatan silang umalpas at maghain ng alternatibong solusyon. Sa ibang panig ng mundo, malaking isyu ang hindi pagdalo sa mga seminar ng mga guro dahil nakakaapekto ito sa pagtuturo (Hornburger, 1977, pp. 425-426) lalo na sa nilalaman. Bakit walang nadadaluhang seminar ang mga guro sa kabila na nagkalat ang mga libreng seminar, lektura, at pora? Hindi ba't trabaho ito ng isang institusyon na bigyan ang kanyang mga guro ng sapat na pagsasanay na may kaugnayan sa kanilang sabjek? Kung sabagay, minsan nang nasabi sa akin ng kaibigang nagtuturo sa hayskul na hindi basta-basta pinapayagan ang mga guro na dumalo sa mga seminar. Sabihin pa, pahirapan. Minsa'y bumuo ang ako ng isang libreng pambansang kumperensya tungkol sa metodo ng Kasaysayan at Historiograpiya. Dinaluhan ito ng mga tagaibang lalawigan ngunit hindi ng mga dapat "mas" makabatid nito. Dahilan nila'y hindi sila napayagan o wala namang kaugnayan sa kanilang itinuturo ang paksa. Sa kabilang banda, binigyan ng katwiran halimbawa ng isang guro na kahit hindi siya dumadalo sa mga seminar, nakakatulong naman ang mga babasahin:

> Wala pa akong nadaluhang pagsasanay o seminar na may kaugnayan kay Rizal. Gayunpaman, naging malaking tulong sa akin ang ilang babasahin namin sa *MA* (kanyang kurso) gaya ng Pantayong Pananaw ni Zeus Salazar upang maunawaan nang higit ang layunin ni Rizal sa kaniyang mga nobela… nakatulong din ang babasahin ni (sic) Adorno at Horkheimer, Foucault (sic) at iba pang banyagang sosyologo sa pagpapalawak ng pang-unawa ko sa paggamit kay Rizal lalo na sa edukasyon (L, 26, PB)

Ang pahayag sa itaas ay mula sa isang guro na nag-aaral sa gradwadong lebel at nabibigyan ng pagkakataong magkaroon ng mga babasahin. Ngunit, paano naman ang kinahihinatnan ng wala o hindi pa nagpapatuloy sa pag-aaral? Minsan na rin itong nabanggit ng isa pang kaibigang nagtuturo sa hayskul. Ninais niyang mag-aral ng M.A. Araling Pilipino sa U.P. Diliman ngunit hindi siya pinapayagan o hindi sinasang-ayunan ng kanyang *supervisor* dahil walang kaugnayan sa kanyang itinuturo ang ninanais niyang kurso sa paaralang gradwado. Kung sa gayon, isa pa sa mga suliranin na kinahaharap ngayon ng pagtuturo sa mga nobela ay kawalan o kakulangan ng mga babasahin. Sinabi ng isang guro na: "Paghahanap ng mga dagdag na sanggunian at pag-babasa/ pag-aaral lalong-lalo na sa mga pampublikong paaralan, walang *available books* (B2, 24, PB)."

Isang seryosong usapin ang maging kulang o kahirapan sa paghahanap ng mga batis tungkol sa nobela. Ni hindi nga nakalagay sa gabay pangkurikulum ang mga *suggested readings* na masasangguni ng mga guro at mag-aaral. Marami sa aking mga

naging engkuwentro sa ilang mga kaibigan at kakilalang guro sa hayskul, hindi nila batid ang malalaking repositoryo ng mga dyornal katulad ng *Jstor, Taylor & Francis, Elsevier,* at marami pang iba. Anila, hindi aksesibol ang lahat sapagkat may bayad. Kung kaya't ipinakilala ko rin sa kanila ang *Scihub* upang mabuksan ang lahat ng mga magagandang babasahin nang libre. Isa rin ito sa napansin ng mga estudyante (matatalakay sa susunod na bahagi) na kawalan ng pagkakaisa kung anong libro ang magiging batayan. Paano kaya kung napunta sa kanila ang hindi mapagkakatiwalaang mga salin ng nobela na katulad ng binabanggit ni Almario? (2008, p. 3). Napansin ko sa gabay pangkurikulum ng DepEd sa nobela at Filipino sa Baitang 9 at 10, nakasipi roon ang bahay-dagitab kung saan maaaring tingnan ang mga babasahin. Sa kasamaang palad, hindi sapat ang babasahin ng kanilang *Learning Resource Portal* sa *El Filibusterismo* samantalang iisang dokumento lamang ang nasa *Noli Me Tangere* at namali pa dahil *Florante at Laura* ang nakasipi rito. Inulan ng mga tanong at hinaing ng ilang guro ang portal (*cf.* lrmds.deped.gov.ph/list/kto12/subject/). Napapaisip na lamang tuloy ako kung seryoso ba ang pagtuturo ng mga nobela ni Rizal sa ilalim ng "*K to 12*" dahil sa mga nangyayari. Liban sa pinuputol ang sana'y buong kabanata, mailap hanapin ang mga babasahing para rito.

Lumalabas din sa isinagawang sarbey ang mga nakikitang paraan ng mga guro sa kung paaano payayabungin ang pag-aaral sa mga nobela ni Rizal. Nahahati sa dalawa ang tema ng kanilang mga sagot. Ang una'y malikhain o praktikal samantalang ang isa nama'y mas malalim o mataas ang intensidad ng diskurso. Sa unang banda, kumakatig pa rin ang ilang guro sa mga malikhaing paraan (Rodwell, 2010, w.p; Bourelle, 2018, p. 14; Thompson, 2018, p. 52). Ayon sa kanila, mas integratibo ang uri ng ganitong metodo upang maunawaan ng mga bata ang nobelang may kahirapang unawain. Makikita sa kanilang mga pahayag ang paggigiit sa ganitong mga paraan: "Mga libreng sine na natatalakay sa buong libro. Mga libreng *theatre* o dula sa mga estudyante (L, 37, PB)" at "Lumikha ng maraming babasahin, komiks, isadula o drama sa makabagong panahon ang dalawang nobela (B1, 24, PB)."

Kaiba ang mga ganitong pahayag sa ibang guro na nagsasabing mas mainam pa ang *content*/nilalaman kaysa sa pedagohiya. Naging ispesipiko naman ang iba na kinakailangan munang aralin ang buhay ni Rizal at maging ang Kasaysayan ng Pilipinas nang sa gayo'y maunawaan ang kabuuang konteksto ng mga nobela ni Rizal. Sa paglilimi, tila iginigiit ng mga ito ang direktang ugnayan ng mga nobela ni Rizal sa kasaysayan:

> Magkaroon ng estandardisadong pagtuturo at pagkaunawa ang lahat ng guro at mag-aral… iminumungkahi kong mas maging akademiko ang pagbasa sa mga nobela kaysa sa maging pedagohikal (L, 26, PB)

> Kailangan munang simulan ang talambuhay ni Rizal pagkatapos ay kaligirang pangkasaysayan nito (nobela), malaman at makilala ang mga dahilan ng pagtuturo at paghahalaw dapat sa kasalukuyan (B, 39, PB)

> Paglalagay ng aralin tungkol kay Rizal sa Filipino, mas nakakabuti kung ibabalik ang *Philippine History* sa hayskul para mas maging madali ang pagkonekta ng dalawang nobela sa kasaysayan (L, 23, PR)

Nagsasaliwaan ang mga naging pahayag ng ilang guro kung paano nila dapat itrato ang nobela, may mabisa akong nakikita para rito. Hindi dapat nililimita sa pedagohiya bagkus kailangan din pagtuunan ng pansin ang nilalaman. Sa kabilang banda, hindi rin maaari na lunurin ang mag-aaral sa mga kaalaman nangt hindi naman ito naihahatid sa kanilang kamalayan. Ibig sabihin, mabisang paraan ang tinatawag na *pedagogical content knowledge* o amalgamasyon o pagsasama ng pantay na pagtrato sa paraan at kaalaman ng itinuturong paksa (Enqvist, w.tn; Shulman, 1986, pp. 3-4; Shulman, 1987, pp. 1-2; Lederman at Gess-Newsome, 1992, p. 16). Sa pag-aaral ng mga nobela ni Rizal, mabisa itong paraan sa kung paano ikritik at basahin ang nilalaman dahil bukod sa naituturo ito sa malikhaing paraan, tumatatak sa isip ng mga mag-aaral ang malalim na pagdalumat dito. Panghuli, upang bigyang susog ang mga pahayag ng guro, susunod na ilalatag ang kalagayan ng nobela ayon sa mga mag-aaral.

**Kultura ng Pagkatuto sa Mga Nobela ni Rizal**

Itinatampok sa bahaging ito ang obhetibong obserbasyon ng kabataang aking nakausap hinggil sa kung paano nila natutuhan at trinato ang pag-aaral sa dalawang nobela ni Rizal. Katulad ng naging tema na inihanay ko sa panig ng mga guro, gamit ang *verbatim transcription,* hinanap ang mahahalagang punto na kailangang mabigyan ng diin. Tatlong bagay muli ang matatalakay tungkol sa karanasan ng mga mag-aaral. Una, metodong ginamit ng kanilang guro. Pangalawa, mga samot-saring suliranin na kanilang kinahaharap sa pag-aaral ng mga nobela. Panghuli, ang kanilang obserbasyon sa kapasidad ng mga gurong nagturo sa kanila.

Tipikal ang lumalabas na kasagutan sa isinagawang pangkatang diskusyon. Sa katunayan, katulad ng inaasahan, nahahati sa dalawang uri ang nagiging pagtrato sa kanilang mga klase. Una, tradisyonal o pagpapaulat (*reporting*) sa klase na madalas indibidwal o pangkatan. Ang ikalawang uri ay mga malikhaing aktibidad. Sa unang banda, nakakatulong ang pagpapaulat sa klase dahil pinayayaman nito ang motibasyon (Morrison at Jones, 2007, p. 112) ng isang mag-aaral na lumakas ang loob at

magkarooon ng interaksiyon sa mga kamag-aaral at kapaligiran (Murphy at Zlomke, 2014, pp. 126-127). Kung tatasahin, angkop din kaya ito sa pagbabanghay ng mga nobelang historikal? Halos iisa ang sinasabi ng mga mag-aaral tungkol sa metodo:

> Nagpapa-*reporting* lang siya bawat kabanata tapos ina-*assign* niya yun, di'ba kabanata one hanggang kabanata katapusan, ina-*assign* lang niya 'tas pinareport niya lang kami (L2, 19, PR)

> Pagbabasahin niya kami 'tas mag-*quiet time* kami 'tas babasahin namin per *chapter,* so once a day… hinahati yung *groupings* tapos pagbabasahin kami sa mga bahay namin tapos i-*rereport* namin yung mga natutunan namin about doon sa *chapter* na 'yun (L1, 19, PR)

> Ginawa po sa amin, parang sinabihan na po kami na *Third Quarter* palang na, ito yung *groupings* namin tapos *inassign* na *each* kabanata parang *three to four groups* siya tapos yung kabanata na ididiscuss per *group* is *three* kabanata, 'tas dapat lang *na in a creative way* siya (B, 17, PR)

> More on discussions po kami, so mga ano po, *visual aids*, *reports* ganyan po (L, 16, PB)

Sa kabilang banda, katulad ng mga binabanggit sa ilang pag-aaral (Rodwell, 2010, w.p), naging marami rin ang pagsasagawa ng mga dula o *role playing.* Hindi maitatatwa na malaki ang positibong naidudulot nito sa kamalayan ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan nito, nauunawaan nila ang sitwasyon ng bawat tauhan sa isang partikular na panahon (Hawes at Hawes, 1982, p. 193; Cherif at Somervill, 1995, p. 28) kahit na nasa loob lamang sila ng mga silid-aralan (Kay, 1946, p. 268; Baruch, 2006, p. 45), at nagkakaroon ng kritikal na pag-iisip (Keller, 1975, p. 574). Katulad ng mga inaasahan, ganito iminulat ng ilang guro sa kanilang mga mag-aaral ang esensya at nilalaman ng kabuuang nobela. Sang-ayon sa mga piling mag-aaral:

> Parang nagpapa-*roleplays* lang po talaga siya. *Most likely in every chapter*, *so* parang hinahati po kami sa mga grupo-grupo, tas parang, *every, parang every other meeting in Filipino*, parang nagpapa*roleplay* po siya (L, 18, PR)

> More on *graded recitation* and *roleplaying* (B, 19, PB)

> Dinidiscuss niya po kung ano po yung mahalagang *role* po noon
>
> (pangyayari), tas sunod po doon, *role-playing* na po (B, 15, PR)

Gayumpaman, kahit naging madali o magaan marahil para sa mga mag-aaral ang nobela, hindi pa rin nila ito natapos talakayin. Katulad ng itinatadhana ng gabay pangkurikulum ng DepEd, sumunod ang kanilang guro dahil madalas na natatalakay ang mga nobela sa buwan ng Enero hanggang Marso. Sa pahayag ng mga mag-aaral ukol dito, tila minamadali na lamang ang pag-aaral sa mga nobela sa pamamagitan ng mga magagaang metodo. Wala sa mga nakalap na datos ang dumaan sa mabibigat na paraan katulad ng debate, pagsusulat ng pananaliksik, at iba pang mga kaugnay na gawain.

Katulad ng mga dilemang kinahaharap ng mga guro, kadalasang nagiging hinaing ng mga mag-aaral ay kakulangan sa mga babasahin. Sa mga nag-aaral sa pribadong sektor, ang mismong paaralan na mismo ang nagbibigay ng partikular na libro. Katulad ng puna ni Almario (2008), kadalasang umiinog sa antas ng komeriyalisasyon ang pagpili at pagbili ng mga aklat. Mas nanaisin ng ilang paaralan ang simple at payak na saling bersyon ng mga nobela. Tila nakakaligtaan sa pagkatataong ito na tingnan o kilatisin muna ang kredibilidad ng isang aklat bago ito ipabasa sa mga mag-aaral. Ayon sa ilang mag-aaral sa pribadong sektor:

> Yung mga *readings and references* na ginagamit namin is yung *books* lang po talaga na binibigay lang, ayun lang, binibili namin from the *school* (L, 18, PR)

> Kung ano yung binebentang libro ng *school*, yun lang din yung gagamitin namin… pinagbabasehan lang namin doon, yung doon mismo yung libro na binibili namin (L1, 19, PR)

> Sa school po namin, nag-*poprovid*e po siya ng *book about* Noli lang po talaga (B, 15, PR)

Lehitimo ang ganitong diskurso dahil mas pinipili ng ilang institusyon ang murang halaga ng mga libro (Frogner, 1950; Larrick, 1963, pp. 544-548) ngunit kinakailangan din ng kaakibat na kalidad. Ngunit, hindi ako sigurado kung ganito ba ang umiiral na dahilan ng ilang pribadong paaralan, kung kaya't rekomendasyon ko ito para sa mga susunod na pananaliksik. Ang mga nabanggit na pahayag na mula sa mga pribadong paaralan ay malayong-malayo kung ihahambing sa mga publikong paaralan. Isa sa mga suliranin nilang kinahaharap ay ang kakulangan sa mga babasahin. Malinaw na itong binabanggit ng mga guro sa itaas. Sa kaso ng mga mag-aaral, sila ang pinapahanap at ito na rin ang nagiging tila batayan ng absolutong kaalaman. Samantala, ang iba ay nagkukulang sa materyales dulot na rin ng kakulangan sa mga guro. Ayon sa kanila:

> Meron siyang (guro) *specific book* na kailangan, pero *since* parang hindi naman namin lahat kayang hanapin yun, naghahanap kami ng mga *way* para makahanap ng *alternative for that*… ang gusto talaga niya (guro), kung ano yung nasa book na

yun, yun lang. So bale kapag sobrang *detailed* sa amin or kulang, mali agad kami. Kailangan, yung *specific* talaga na yun (B, 19, PB)

Naka-focus po kami sa **e-learning**… may binibigay po yung *teacher* namin na *websites* kung saan po, kung saan po puwede namin makita yung mga ano, mga kabanata po ganyan. Tas minsan naman po… *print-outs* po yung binibigay po sa amin para doon po kami makapag-*base*…. (L, 16, PB)

Mapapansin talaga ang kasalatan ng mga babasahin pagdating sa mga publikong paaralan. Kanya-kanyang hanap ng makukuhang babasahin. Higit kong napagtuunan ng pansin ang huling pahayag. Gumagamit sila ng *e-learning.* Kung iisipin ang naging argumento ko noong una, na halos walang ibinibigay ang DepEd sa kanilang *portal,* paano kaya ito natutugunan ng kanilang mga guro? Isa sa negatibong implikasyon ng *e-learning,* bukod sa wala itong personal na interaksyon sa mag-aaral (Arkorful at Abaidoo, 2014, p. 403), posible pa itong magdala sa mga mag-aaral ng maling interpretasyon sa nilalaman ng nobela lalo pa't kung saan-saan lamang kinukuha ang mga babasahin. Bukod na lamang, kung kinukuha ng kanilang mga guro ang babasahin sa mga dyornal at ilang mapagkakatiwalaang bahay-dagitab.

Malaki ang pinanghahawakan ko na malaking paktor ang guro sa pagkatuto ng mga mag-aaral, mula sa kung paano ipinapakita ng guro ang kanyang interes, kaalaman, at pag-unawa sa paksang tinatalakay. Katulad ng isinagawang pag-aaral nina Coats at Swierenga (1972, pp. 357-358), madalas na naoobserbahan ng mga mag-aaral ang mga katangian ng guro katulad ng kaalaman hinggil sa paksa, pagkontrol sa loob ng silid-aralan, pagbibigay ng motibasyon, at *sense of humor.* Kadalasan, ang bisa ng isang guro hinggil sa bagay na ito ay makikita kung paano itrato ng mga mag-aaral ang isang asignatura (Dembo at Gibson, 1985, p. 174) dahil sila ang nagsisilbing puno ng pagkatuto (Wayne at Youngs, 2003, p. 89). Kung kaya't maaaring ilapat dito ang inter/intrapersonal na katangian ng isang guro sa kung paano niya itinuturo at pinahahalagahan ang mga nobela ni Rizal. Sa kinalabasan ng pangkatang diskusyon sa pitong respondent na mag-aaral, lumalabas na may dalawang katangian ang mga guro na nakakaapekto sa kanyang pagtuturo ng mga nobela. Sa unang banda, naging positibo ang tingin ng mag-aaral dahil tinutulungan sila ng mga ito na unawain ang nobela sa kabila na mahirap itong intindihin. Malaya nilang nasabi ang ganito:

The way they *approach the students is professional* kaya and ano naman po talaga, *distinct* yung pagtuturo nila, so wala naman pong problema doon (sic) (L, 18, PR)

Nakita ko rin naman parang *from the past quarters* din na ang tino din ng pagtuturo sa amin and *as much as possible* nagiging parang **interesting samin yung Noli** kasi parang ang dami naming natutunan na "ay ganito pala yung *interpretation* nito, na kung bakit nangyari ito, ganun ganun" (B, 17, PR)

> Tutulungan niya po kami na parang i-*understand more* parang kahit medyo *off-topic* po or malayo po unti sa *actual* na nangyari po *at least* po parang binibigyan niya po, **nagbibigay po siya ng effort** na para *at least* parang maintindihan po namin kung ano po yung *main idea* po ba ng ano (nilalaman) ng libro (L, 16, PB)

Sa kabilang banda, nakaapekto rin ang ipinapakitang negatibong katangian ng mga guro sa kung paano nila trinato ang pag-aaral sa dalawang nobela. Kadalasan na mga dahilan ng mga mag-aaral ay umiinog sa kaalaman ng mga guro at ipinapakitang interes nito sa pagtuturo. Ayon sa obhetibong obserbasyon:

> Siguro ang naging *problem* lang is *they are teaching* para lang sa *grades* namin *not for us to learn talaga*. And siyempre ako *as a student*, gusto kong matuto hindi yung lalaban ako dito (sic) para sa *grades* ko lang (B, 19, PB)

> Hindi siya sineseryoso ng mga estudyante niya. Tapos ano pa ba, yun di siya, kulang lang talaga sa *classroom management*, kumbaga walang takot yung mga estudyante sa kanya, pinapabayaan niya lang gawin yung gusto niya tas minsan parang, in short **hindi niya nabigyan ng *justice* ang Noli at El Fili** ([L2, 19, PR)

> Hindi ko nga alam kung nagpakadalubhasa ba talaga siya sa mga itinuturo niya pero, *Filipino major* siya so ayun, di ko lang alam kung napag-aralan niya talaga nang maigi yung *subject* na tinuturo niya… katulad nga ng sabi ko kanina na **hindi talaga siya p*assionate* sa pagtuturo ng *subject* na yun** (L1, 19, PR)

> Medyo kinu-*question* ko yung *credibility* ng *teacher*, parang, kasi kami parang babasahin lang talaga namin yung libro tapos *ieexplain* nga niya, pero alam mo yung paulit-ulit lang siya na parang **hindi niya manlang ma-*expound* nang maayos yung kabanata mismo** (B, 17, PR)

Sa kabila ng paglalatag ng positibo at negatibong implikasyon nito sa mga mag-aaral, may isang bagay na mapapansin. Tila malaki ang paktor ng *background* ng isang guro katulad ng kanyang digring tinapos kung paano tratuhin ang nobela. Kung babalikan natin ang mga pahayag ng guro sa itaas, may ilang guro na nagsabing mas mainam na ikwento muna ang buhay ni Rizal bago talakayin ang nobela dahil nagsisilbi itong tulay sa pagitan ng piksyonal at realidad. Ang partikular na gurong iyon ay nagtapos sa kursong Kasaysayan. Kung bakit ko tinitingnan din na malaki ang kainaman kung ang nagtuturo sana ng mga nobela ay may kahit papaanong kaalaman sa Kasaysayan o may kaugnay na disiplina. Malinaw ito sa pahayag ng isang mag-aaral:

> Yung *teacher* po namin… **A.P. (Araling Panlipunan) *major* talaga siya**, *history* ganun, nag-*study* siya ng buhay ni Rizal… buhay ng mga bayani ganun. So para sa akin po, *okay na okay* po siya kasi ang sabi niya po sa amin na hindi po siya aalis ng *room* hangga't hindi *nasasatisfy* yung ano namin, yung pag-iisip namin *about sa topic* (B, 15, PR)

Bilang pagtatasa sa bahaging ito, malinaw na iba-iba ang naging pagtrato ng mga guro at mag-aaral sa pagbasa at pag-unawa ng dalawang nobela ni Rizal. Kung kaya't sa susunod na bahagi ay susubukin ang kanilang antas ng pag-unawa at pagbibigay ng kahulugan sa ilang mahalagang konsepto ng nobela.

**Paano Binabasa Si Rizal?**

Sinubok ko rin ang mga respondent na guro at mag-aaral kung paano nila tinitingnan ang ilang bahagi ng nobela ni Rizal. Lubos ang aking pagkasiya nang mabasa ko ang kwento ni Virgilio Almario (2008, p. 135) nang inakala ng kanyang mga estudyante na sa San Diego pa rin ang *setting* ng *El Fili.* Hindi batid diumano ng ilan sa kanyang mga mag-aaral ang bayan ng Tiani. Gayundin ang pagtatanong nito kung ilan ba talaga ang anak ni Kabesang Tales liban kay Huli. Sa aking pagbabasa rito, tila *triviatic* ang lapit ng ilang mag-aaral sa nobela ni Rizal. Ganoon naman talaga ang nagiging tunguhin ng karamihan. Malinaw itong napansin sa akdang *Antolohiya ng Mga Sanaysay Tungkol sa Buhay at Mga Sinulat ni Dr. Jose Rizal* (2011). Ang isang realidad na tiningnan si Rizal sa paraang *triviatic* at patuloy na pananaliksik sa ilang walang kwentang *trivia* (Mangaran, 2011, p. 39) o kontrobersiya ng kanyang buhay. Sa isa pang puna, mas naging talamak ito noong ipagdiwang ang kanyang ika-150 taong kaarawan noong 2011 na kung saan naglipana ang iba't ibang *trivia* tungkol sa kanyang buhay at kamatayan. Upang maging interesante, hinanay si Rizal bilang OFW at *sportsman* (del Rosario, 2011, p. 19) na kung susuriin, labas na ito sa konteksto ng pagkatao at panahon ni Rizal.

**Talahanayan 2.**
*Buod ng Kasagutan ng Mga Guro at Mag-aaral sa Limang Katanungan*

| MGA MAG-AARAL | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | $T^1$ | $T^2$ | $T^3$ | $T^4$ | $T^5$ |
| $R^1$ [L, 18, PR] | I can't remember | hindi matandaan | hindi matandaan | hindi matandaan | Rizal's travelling |
| $R^2$ [B, 19, PB] | --- | sacrificial death | Ibarra at Simoun | depression | hunger for knowledge |
| $R^3$ [L2, 19 PR] | pambabastos | wala | Crisostomo Ibarra | opresyon ng babae | nag-ibang bansa si Rizal |
| $R^4$ [L1, 19, PR] | disrespect | hindi ko kilala | Crisostomo Ibarra | kalungkutan | nagpakadalubhasa |
| $R^5$ [B, 17, PR] | hierarchy | bromance | Basilio | dignidad | expand the knowledge |
| $R^6$ [B, 15, PR] | disrespect | --- | Ibarra | --- | ipaglalaban ang bayan |
| $R^7$ [L, 16, PB] | disrespect | --- | Crisostomo | dahil kay Damaso | makuha ang knowledge |
| MGA GURO | | | | | |
| $R^1$ [L, 37, PB] | gahaman | walang pag-asa | Pilosopo Tasyo | mahinang Pilipino | pagiging makasarili |
| $R^2$ [B, 39, PB] | mataas sa sarili | walang himagsikan | Ibarra, Elias | tapos balakid | bagong kaalaman |
| $R^3$ [B1, 24, PB] | kahalagahan | Ibang henerasyon | Crisostomo Ibarra | nagpakamatay | likas na matalino |
| $R^4$ [B2, 24, PB] | pagkaing mahirap | pagsasakripisyo | Tasyo, Ibarra | Bigong Filipina | kaalamang Kanluranin |
| $R^5$ [I, 23, PR] | mataas sa lipunan | panibagong bihis | Pilosopo Tasyo | nawalang romansa | iskolarsyip |
| $R^6$ [L, 26, PB] | makapangyarihan | sakripisyong buhay | Ibarra, Tasyo, Elias, Basilio, Isagani, Simoun, Penitente | naudlot na pag-ibig kay Leonor | --- |

Kung gayon, sinubukan kong magtanong sa dalawang grupo ng aking mga respondent kung paano nila titingnan o di kaya'y bibigyan ng pakahulugan ang ilang bagay. Pumili ako ng limang katanungan na sa tingin ko'y pamilyar sila at marahil nabatid nila nang inaral/itinuro nila ang mga nobela. Ang limang panubok na katanungan ay ang mga sumusunod: (**$T^1$**) Pagkagalit ni Padre Damaso nang bigyan siya ng tinolang pakpak at leeg; (**$T^2$**) Pagkamatay ni Elias; (**$T^3$**) Sino-sino sa mga tauhan ng nobela ang kakikitaan ng katauhan ni Jose Rizal; (**$T^4$**) Pagpapakamatay ni Maria Clara; at (**$T^5$**) Pag-aaral ni Crisostomo Ibarra sa Europa nang pitong taon. Dinamiko ang kinalabasan ng resulta. Ipinapakita ng talahanayan **(Talahanayan 2)** ang sa tingin ko ay literal na pagpapakahulugan sa halip na umalpas ito sa mas malalim na pagtanaw. Mayorya sa mga naging kasagutan ng mga estudyante tungkol kay Damaso ay tungkol sa pambabastos sa kanya dahil taglay nga niya ang gahum bilang kura paroko ng San Diego. Kung susuriin, isa lamang sa kanila [B, 17, PR] ang nakapansin na usapin ito ng hirarkiya na siya namang kasagutan ng halos lahat ng kaguruan. Anupaman, umiiral ang katugunan ng lahat sa negatibong implikasyon nila para sa pari.

Ikalawa, lumalabas sa resulta ng mga mag-aaral na tila hindi nila kilala si Elias, ang bangkero sa *Noli.* Nilimitahan lamang nila ang kanilang kasagutan sa "sakripisyo" dahil ibinuwis nito ang kanyang buhay para makatakas si Crisostomo Ibarra. Kung kaya't pumalaot pa nga ang ibang pagpapakahulugan sa *bromance* o pag-iibigan ng dalawang lalaki. Sa panig naman ng kaguruan, ang pagkamatay ni Elias sa nobela ay pagkabigo sa himagsikan o di kaya'y pagbabagong bihis na tila may transisyon na naganap sa sikwel ng nobela. Para sa iba, kawalan ng pag-asa ang pagkamatay ng bangkero.

Ikatlo, nakapagtatakang limitado ang hinuha ng mga mag-aaral kung sino sa mga tauhan ang nasa depiksyon at pagkakakilanlang Rizal. Bukod sa masaklap na hindi matandaan ng iba, umiikot lamang ang kanilang sagot sa *basic* o *common knowledge* na sina Ibarra ng *Noli* at Simoun ng *El Fili* ay maituturing na Rizal. Tulad ng unang katanungan, isang mag-aaral lamang ang nakapagbigay ng ibang kasagutan. Aniya, si Basilio raw ay maaaring ituring na Rizal. Sa *verbatim transcription,* pinalawig niya kung bakit si Basilio. Sang-ayon sa respondent na ito, naghiganti raw siya sa pagkamatay ng kanyang ina (Sisa). Hindi ito usapin kung tama o hindi ang kanyang sagot, isang nakakatuwang bagay na maalala pa niya nna si Sisa ay ina ni Basilio at mas lalong batid niya na namatay pala ito. Katulad ng mga mag-aaral, payak din ang paghinuha kay Rizal sa mga tauhan nito. Liban na lamang sa iba na itinuturing ang "baliw" na si Pilosopo Tasyo bilang si Rizal. Anila, taglay nito ang mga talinghaga o *talyon* na sumisimbolo sa karunungan at mayroon nito si Rizal sa kanyang totoong buhay. Bukod-tangi ang huling respondent sa mga nagbigay ng maraming katauhan ni Rizal sa kanyang nobela. Inilarawan niya si Basilio sa bahagi ng *El Fili* na parehas sila ng propesyon ni Rizal at naghahangad ito ng hindi marahas na pakikibaka. Sa kabilang banda, inilarawan niya si Isagani bilang *alter ego* ni Rizal dahil katwiran ang kanyang ginagamit sa paninindigan. Gayundin, naobserbahan niya na si Placido Penitente ay si Rizal dahil ipinapakita ng nobela kung gaano niya kinamumuhian ang sistema ng edukasyon ng mga Español, na kung lilimiin, mayroon din ito sa totoong katauhan ni Rizal.

Ikaapat, dibersibo ang pagbibigay nila ng interpretasyon sa pagpapakamatay/pagkamatay ni Maria Clara. Sa panig ng ilang mag-aaral, hindi nga sila *aware* na nangyari ito sa nobela ni Rizal. Kung kaya't ikinahon na lamang nila ang kanilang mga kasagutan sa "depresyon" o "kalungkutan" at "opresyon" ng kababaihan sa panahon ng mga Español. Marahil naalala nila ang pagmamalupit ng mga pari sa kababaihang Pilipino. Samantala, sa panig naman ng mga guro, tiningnan nila ito bilang "kabiguan" at "kahinaan" ng isang Pilipino. Ang huling respondent ay inihambing ang pagpapakamatay sa naglahong pag-ibig ni Rizal dahil ipinagpalit siya sa iba ni Leonor Rivera, ang kanyang pinsang kasintahan bago siya pumunta ng Europa.

Panghuli, tila isang retorikal na may pagkaliteral ang pagbibigay ng dalawang grupo sa pagtungo ni Ibarra sa Europa nang pitong taon. Umiikot lamang ang kanilang mga pagtugon sa pagpapakadalubhasa ni Rizal sa Europa upang kumuha ng kaalaman at sa oras ng pagbabalik niya sa Pilipinas, gaganti siya sa mga Español. Kakaiba naman ang naging sagot ng isang guro dahil tiningnan niya ito bilang pagiging makasarili.

Iba-iba ang naging interpretasyon at pag-atake ng mga respondent sa limang katanungan. Kung sa bagay, sang-ayon nga kay Jacques Derrida (kina Dimitriadis at Kamberelis, 2006, p. 104), lahat ng tao ay may samot-saring interpretasyon sa teksto. Malaki ang naging impak ng nobelang isinulat ng dantaon 19 dahil patuloy itong kinikilala

ng mga Pilipinong nabubuhay ngayong dantaon 20 (Daquila, 2009, p. 367). Napakarami nang pag-aaral sa simbolismo ng literatura na noo'y nakatuon lamang sa mga sinaunang sulatin (Derchain, 1976, p. 7) dahil tumutugon na ito sa sosyolohikal na pangangailangan ng epoka ng kasalukuyang lipunan (Mackenzie, 1964, p. 618). Malinaw ito dahil higit na tinatangkilik ngayon ang kompleksidad ng isang bagay sa halip ang estado ng pagiging simple nito (Deal, 1968, p. 294) o nagiging likas na sa atin ngayon ang may kritikal na pag-iisip? Kung lilimiin, ang nobela ni Rizal ay isinulat dulot ng kanyang kritisismo sa pulitikal at sosyolohikal na aspekto. Ngunit sa pamamagitan ng simbolismo, napaghihiwalay ng ibang mambabasa ang pagpapahalaga dito hindi bilang isang babasahing historikal kundi isang ganap na babasahing pampanitikan lamang (Wellek, 1970, p. 270).

**Saan (Ba) Dapat Binabasa si Rizal?**

Bilang paglilinaw, nais kong sabihing muli na walang intensyon ang pananaliksik na ito na bumasag ng anumang umiiral na kaisipan. Bagkus, nilalayon lamang na makapagbigay ng obserbasyon tungkol sa paksang tinatalakay. Saan dapat binabasa si Rizal? Kadalasang nangyayari sa akin tuwing ako'y nagtuturo sa kolehiyo ng *HIST 1023* o kursong tungkol sa Buhay, Mga Sinulat, at Kaisipan ni Rizal, madalas na nagkakaroon ako ng problema sa tuwing pagkatapos ng *Midterm* dahil ituturo ko na ang dalawang nobela ni Rizal. Hindi nawawala sa bawat klase ang problema hinggil dito. Mauulinigan madalas sa naging hinaing ng mga estudyante na "hindi" naituro sa kanila nang maayos ang nobela dahil ipinabuod lamang sa kanila ito at hindi nga natapos ang pagtalakay. Kaya't sinisimulan ko ang pag-uugat ng mga nobela mula sa umpisa. Ganito rin ang naging karanasan ko nang humawak ng PI 10 (*Philippine Institution*) sa Unibersidad ng Pilipinas Los Baños ngayong 2021. Katulad ng inaasahan, karamihan o halos lahat yata sa naging estudyante ko ay hindi naunawaan ang mga nobela ni Rizal. Hirap tuloy iugnay ang mga nobela sa buhay ni Rizal. Doon pa lamang nila mauunawaan ang konteksto ni Rizal. Pansin din ito ni Cerise Crudo-Guerrero (2011). Aniya, nagugulat ang ilang mag-aaral sa kakaibang saysay ni Rizal sa oras na napag-aralang mabuti ang kanyang buhay (p. 14). Naaasar pa dagdag niya, ang ilan sa mga mag-aaral sapagkat hindi ganoon ang naituro sa kanila noong hayskul kung ihahambing sa kolehiyo kapag inaaral na ang buhay ng bayani (Crudo-Guerrero, 2011, p. 14).

Bukod dito, nahihirapan silang unawain ang mga babasahing ipinamumudmod ko sa kanila (Pascual, 1950; Constantino, 1969; Coates, 1992; Quibuyen, 1999; Romero et al., 2006; Guerrero, 2011) dahil malalim ang pagtrato ng mga literaturang ito kay Rizal. Isa pa, hindi rin matibay ang pundasyon ng kanilang kaalaman tungkol sa Kasaysayan ng Pilipinas. Kaya't sa akin ding naoobserbahan, tila nahuhumaling ang karamihan sa mga mag-aaral sa trivyatikong paraan ng pagtuturo tungkol kay Rizal. Mas tinatangkilik nila ang empirikal sa halip na teoretikal na pagtrato tungkol kay Rizal. Hindi

nakapagtataka kung bakit sa maraming pamantasan at unibersidad sa Pilipinas, umiiral ang mga aklat tungkol sa buhay ni Rizal na nasa simple, trivyatiko, at empirikong diskusyon (Palma, 1966; Gagelonia, 1974; Ramos at Lalic, 2004; Zaide at Zaide, 2007). Gayundin maging sa hayskul,itinatrato ng tila simpleng naratibo at paktwal ang dalawang nobela ni Rizal. Hindi nababatid ng ilan na ang mga nobela ni Rizal ay kaugnay ng kanyang personal na buhay. Inilagay ni Rizal ang kanyang pagkatao sa iba't ibang tauhan ng nobela. Maging ang mga kaganapan sa nobela ay tunay na nangyari sa totoong buhay ni Rizal. Sa aking pagtuturo, masusumpungan pa lamang ng ilang mag-aaral na ganoon nga ang relasyon kung sakaling naaalala pa nila kahit paano ang ilang kaganapan sa nobela. Kaya't minsan napaisip na lamang ako na dapat inililipat ang pag-aaral sa buhay ni Rizal sa mataas na lebel ng hayskul samantalang ang kanyang nobela ay dapat mailagay sa kolehiyo. Isang kritikal na suhestyon ito dahil kung susumahin natin, sa Baitang 9 at 10 natututuhan ng bata ang dalawang nobela. Dadaan pa sila sa pagiging *Senior High School* at hindi rin magkakatulad ang taon sa kolehiyo kung kailan nila inaaral ang buhay ni Rizal, o hindi kaya'y maaari ring ilipat ang dalawang nobela sa dalawang antas ng *Senior High School* bilang hiwalay na asignatura na hindi nilalahukan ng panitikan. Sa ganitong paraan ko nakikita ang pagbabago nang sa gayo'y magkaroon ng mas maayos na pagbasa kay Rizal at sa kanyang mga nobela. Ngunit, nanindigan ang ilang kaguruan na angkop lamang na ituro sa Baitang 9 at 10 ang nobela. Kinakailangan diumano na iugnay ang mga nobela sa pagtuturo ng panitikan. Ayon sa isang guro: "Tama lamang na nasa G9 (Grade 9) at G10 (Grade 10) ang pagtuturo ng Noli at El Fili sapagkat kasabay sa K to 12, kasabay sa taon na ito ang pagtuturo ng mga panitikan (B, 39, PB)."

May punto ngunit ang realidad nga ay may kagaspangan. Naituturo nang mabuti ang literatura ng labas gaya ng mga panitikan sa Timog Silangang Asya, Silangang Asya, Kanlurang Asya, Mediteranyo, Kanluran o Europa, Aprika, at tila pagtatangi sa Persya. Ngunit, bukod sa huling markahan natatalakay ang mga nobela ni Rizal, hindi nagiging sapat ang oras para rito. May bahagyang pagdududa ako sa isang asignatura sa *Senior High School*– ang *21st Century Literature from the Philippines and the World.* Kung tutuusin, napakabata ng labinsiyam (19) na taon para talakayin ang mga literaturang nakapasok sa siglong nabanggit. Alin sa mga literatura partikular na sa Pilipinas ang nagkaroon ng mabigat na impak sa lipunang Pilipino na hihigit sa mga nobela ni Rizal? Siniksik ang kurikulum, nilahukan pa ng literatura ng mundo na mistulang malawak ang erya ngunit limitado rin ang panahon. Hindi ko rin sinasabing hindi dapat pagtuunan ng pansin ang mga literaturang dantaon 21 dahil angkop ito sa globalisasyon ngunit may nasasakripisyo sa pagbabagong ito. Bukod doon, naging matibay na ba ang mga babasahin na may kaugnayan dito?

Sa kabilang banda, karamihan sa mga guro ay nagsasabing angkop ang pagtuturo ng mga nobela ni Rizal sa Baitang 9 at 10 dahil ito raw ang mga panahon na kailangang

imulat ang mga mag-aaral sa diwa ng pagiging makabayan at unawain ang nasyonalismo. Sinabi ng ilan:

> Naniniwala naman ako na sa ikatlo at ikaapat na taon ng sekundarya ito (ituro), upang habang bata pa sila ay maunawaan nila ang kahalagahan ng pagmamahal sa bayan (L, 37, PB)
>
> Inaasahan na sa mga baitang ito ay may mataas na lebel nang pag-iisip ang mga mag-aaral (B1, 24, PB)
>
> Kung pagbabatayan ang *Cognitive Development Theory* ni Piaget (si Jean Piaget ang tinutukoy), ang edad ng mga mag-aaral na nasa Baitang 9 at 10 ay nasa bahagi na ng *Formal Operational Stage*. Kung saan ang mga mag-aaral ay teoretikal at lohikal na kung mag-isip (B2, 24, PB)
>
> Angkop naman ito para sa Grade 9 at 10 sapagkat nasa yugto sila na hindi na sila bata at nagsisimula pa lamang silang bumuo ng kanilang paniniwala at paninindigan (L, 26, PB)

Iba naman ang naging implikasyon nito sa hanay ng mga mag-aaral. Ilan lamang sa kanila ang nagsabing angkop lamang ito sa Baitang 9 at 10 dahil sa tradisyonal at retorikal nilang mga katwiran. Anila:

> Okay lang yung *Grade nine and ten* na pag-aaral ng Noli at El Fili kasi ilang taon na rin naman na po kami, s*o we're old enough to understand* nalang din kung ano yung binibigay na *message* ni Rizal *or something* (B, 19, PB)
>
> Okay lang po na *Grade nine and ten* po napag-aralan ang Noli at El Fili kasi po parang *at this age*, para maliwanagan na po kami kung ano yung ganito ganyan, yung *about* sa Noli, kung ano po yung mga pinaparating nito sa mga tao ganun (B, 15, PR)

Sa kabila nito, kakikitaan ang ilan ng mas praktikal at may malalim na kritisismo sa taon/baitang kung kailan itinuturo ang mga nobela. Praktikal dahil kinakailangan nila na malapit ang puwang sa mga nobela ni Rizal at kanyang buhay (na itinuturo sa kolehiyo) dahil upang lalo nilang maunawaan ang konsepto nito. Makikita at nakakatuwang pakinggan na lumalabas sa kanilang murang edad na hindi angkop para sa kanila ang ilang asignatura na ituro sa isang partikular na antas. Bukod sa mali ang kronolohiya ng mga ito, wala na itong nagiging gamit sa susunod nilang mga asignatura. Ang reserbasyon tungkol dito ay nasambit nila:

> Parang *it should extend to senior high*, dapat *continuous* siya. Kasi yung *tendency* namin, nakakalimutan din namin. So pagdating namin sa *College*, magmumukha kaming ewan na parang hindi na namin maalala (B, 19, PB)

> *Based sa experience* ko, yung mga *lessons* namin sa *Grade eleven* mas gusto ko siya na tinuro noong *Grade ten* kasi meron kaming parang *critiquing the literature*, so **parang mas maiintindihan** ko kung hindi man lang ako… na-apply nung *Grade nine and Grade ten* ako, so parang mas gusto ko na ituro nalang muna nila sa *Grade ten and nine* bago nila ituro yung Noli saka El Fili (B, 17, PR).

Sinusugan pa ito lalo ng ibang mag-aaral na dapat nasa antas ng *Senior High School* ang pagtuturo ng mga nobela ni Rizal. Kung tutuusin, malaki ang kanilang pinupunto tungkol dito. Sa tingin ko'y sila ang mas nakakaalam dahil sila rin mismo ang sumasailalim sa pagkatuto ng mga paksa. Malaki ang ginagampanan ng kakulangan sa oras kung bakit nagigiit ng ilang mag-aaral na ituro na lamang ang mga nobela sa *Senior High* nang sa gayo'y magkaroon ng sapat na oras sa pagtrato at pagbabasa sa mga ito. Malinaw nila itong ipinaliwanag:

> Dapat *the knowledge should extend* po *to the senior high school*… pero parang ma-*extend* lang po, siguro hati-hatiin para po kasi may mga *issues* nga po na *limited* yung *time* ng pagtuturo ng mga *teachers* kaya po hindi naiintindihan ng mga estudyante nang maayos, Kaya siguro, *the possible solution to that is to extend the teaching*. Siguro po, *Noli Me Tangere*, *Grade nine to ten or El Fili*, *Grade eleven to twelve* or siguro kung ano man po yung maisip (L, 18, PR)

> Parang mas gusto kong ilipat yung *Noli* at *El Fili* sa *Grade eleven saka twelve*. Kasi diba nga, yung ibang *course* meron silang Rizal sa *College*, kaya mas maganda rin para mahasa na kaagad sila at saka para mapalitan na din (sic) yung sa *Grade nine saka ten* (L2, 19, PR)

Kaibang-kaiba naman ang naging katwiran at tunguhin ng diskurso ng isang mag-aaral. Sinusugan niya ang ideyang naglalaro na sa aking isipan na kailangan at mas angkop na ituro sa kolehiyo ang nobela samantalang ang buhay ni Rizal ay nasa mataas na baitang ng hayskul. Payak ang kanyang sinasabi na madaling unawain ang buhay ni Rizal dahil tipikal lang naman ang pag-aaral sa isang talambuhay. Hindi katulad ng nobela, kinakailangan nito ng kritikal na pag-iisip at pagbabasa. Tinumbok niya ang kompleksidad nito:

> Feeling ko kasi *complex* talaga yung Noli and El Fili, hindi lang siya basta kuwento na kinukuwento lang yung mga nangyari noong mga panahon ng mga Español, yung mga pananakop, pero meron pang mas malalim na parang ano ah….information na kailangan talaga nating alamin para mas matuto tayo sa

> Kasaysayan… sa *College* talaga siya ituro, tapos yung Rizal, siguro *Senior High* or oo siguro *Senior High*. Kasi parang *The Life of Rizal*, parang ano lang siya eh, hindi ko naman minamaliit pero parang puwedeng pag-aralan siya ng *Senior High School student* kasi siyempre napag-aralan mo na yung buhay ni Rizal. I mean parang pagkilala mo sa normal na tao di'ba, makakabisado mo agad yung tao, **yun naman yung tipikal na ginagawa ng mga *high school student*** yung nagkakabisado pero **kailangan yung El Fili at Noli, kailangan talaga understanding**, 'di mo lang siya kailangang kabisado, kailangan naiintindihan mo yun, alam mo yun, naisasapuso mo yung kung ano yung pinag-aaralan mo ganun (L1, 19, PR)

Malinaw sa pahayag ng mga guro sa itaas na binabase nila ang pagkatuto sa mga nobela ayon sa kinakailangang gawin na itinakda ng kurikulum at sa tipikal na rin na dahilan na kailangan nilang maunawaan ang nasyonalismo at kabayanihan ni Rizal. Samantala, nakikita sa kabilang banda ang paggigiit ng mga mag-aaral na kinakailangan na umalpas ang kanilang pagkatuto sa mas matayog at makabuluhang pagtrato sa mga nobela ni Rizal. Walang saysay ang nobela ni Rizal kung ikukulong lamang ito sa kadahilanang akdang pangnasyonalismo ang mga ito. Hindi nasyonalismong gawain ang tapusin lamang ang aklat. Hindi nasyonalismong gawain ang ituro na lamang basta-basta ang mga nobela. Hindi nasyonalismong gawain na porke dumaan tayo sa mga nobelang ito, matagumpay na tayong nagsagawa ng makabayang layunin. Nakita o natutuhan kaya ang diwa ng nasyonalismo batay sa mga tauhan ni Rizal? Kung susuriing mabuti, batbat ng katuruang nasyonalismo ang mga nobela ni Rizal. Pagpapahalaga sa wikang pambansa ang naging tema ng pag-uusap nina Simoun at Basilio sa Kabanata VII ng *El Filibusterismo*; usaping pambayan ang namayani sa palitang pahayag nina Isagani at Señor Pasta sa Kabanata XV ng El Filibusterismo; at pagpapahalaga sa sariling kalinangan ang naipamalas sa Kabanata XX ng Noli Me Tangere (San Juan, 2017, p. 14). Isipin na lang natin kung ang naging paraan upang ituro ito ay parang ganito: *Sino ang kausap ni Isagani sa Kabanata XV?* O di kaya'y *Tama o Mali, nag-usap ba sina Simoun at Basilio sa Kabanata VII ng El Fili?* Ito ang kinakatakutan nating lahat – ang ikulong si Rizal sa mundo ng *trivia.*

## Kongklusyon

Napatunayan na isang malawak na kultura ang pagtuturo at pagkatuto sa dalawang nobela ni Jose Rizal. Malinaw na pinipilit ng estado mula noon hanggang ngayon ang kabuuang pagkamakabayan ni Rizal sa pamamagitan ng pagsangkap nito sa sistema ng edukasyon (Cruz, 2009, p. 92). Angkop din ang mapanghawang landas sa pagtrato sa kultura ni Raymond Williams (1977, pp. 121-127). Katulad ng tinalakay ng papel na ito, layuning sipatin kung kulturang dominante (*dominant)* o umuusbong (*emergent*) ba ang umiiral ngayon sa estado ng pedagohiya at pagkatuto ng kabataan. Bukod sa ikinulong bilang tila isang institusyon ang pagtuturo kay Rizal, umaangkop pa

rin ang mga guro sa tradisyonal na pagtrato rito bilang isang babasahing pampanitikan na isinulat sa malayong nakaraan. Nanatili pa ring dominante dahil walang pagtatangka ang ilan na kumawala sa tipikal na pagbasa rito. Ang iba naman ay tumutungo na sa panibagong anyo at praksis ng neokolonyalismo sa kasalukuyang panahon sa pamamagitan ng pagtatanghal sa mga nobela bilang larawan din ng kasalukuyan. Ang angkop na kontekstwalisasyon sa mga nobela ni Rizal ay kailangang ilugar sa modernong panahon, huwag mang tigilan, bawas-bawasan ang trivyatikong pagtalakay sa kanyang buhay at mga naisulat sa loob ng klase. Hayaan ang mga guro na ituro ang mga nobela na ayon sa kani-kanilang pagpapakahulugan sa nasyonalismo. Huwag bansagang *filibustero* ang mga guro kung ito ay seryosong nagtuturo sa mga nobela ni Rizal at sa pagkatao nito bilang isang subersibo at radikal na bayani (San Juan, 2020, p. 235). Sa halip na ituon ang talakayang babaero, si *Jack the Ripper,* tatay siya ni Hitler, bakla siya, o kung ano-ano pa si Rizal, bakit hindi pagnilay-nilayan ang gamit ni Rizal sa lipunan katulad ng – si Rizal ay anti-kapitalista (San Juan, 2011a, p. 52) nang ipamalas niya ang pakikibaka ni Kabesang Tales sa mga prayle; si Rizal bilang aktibista (San Juan, 2011b, p. 59); at kahalagahan ni Rizal at kanyang mga nobela sa pag-unawa ng imperyalismo, pyudalismo, at kapitalismo (San Juan, 2020, pp. 243-248)?

Kinasasangkapan ang kabuuan ng nobela bilang larawan ng lipunan at suliranin nito ngayon. Sa pamamagitan ng mga pedagohiyang may paglalapat upang taluntunin ang kasalukuyan, maituturo itong pagsaliwa sa dominanteng kultura na tingnan ang nobela bilang isang "nobela lang." Kung gayon, maaari ring tingnan ito bilang umuusbong na kultura sa pagtrato sa mga nobela nitong dantaon 21. Ang suliranin nga lang, tila nakokontrol na lamang ng estado ang limitasyon kung ano at hanggang saan lamang ang dapat matutuhan ng mga mag-aaral sa esensya ng nobela. Katulad ito sa kung paano nila kinontrol at ipinamudmod sa kaguruan ang halos *built-in* na sistema ng pagtuturo sa mga nobela ni Rizal. Malinaw ito sa hayskul na isang kwarter lamang ang inilalaan. Samantalang sa kolehiyo na isang semestre ang talambuhay ni Rizal, ang mga nobela ay pinapasadahan o bilang isang komponent lamang ng asignaturang ito. Matagal nang kinontrol ng pamahalaan ang kurikulum. Matatandaan sa yugto ng taong 2013, walang habas nilang inalis ang *Philippine History* sa *Junior High School.* Ang resulta, walang alam sa kontekstong historikal ang mga estudyante. Paano tuloy makikilala si Rizal bilang bahagi ng Kasaysayan? Isa pa, nasa wikang Filipino ang mga karamihang salin ng nobela. Paano naman ang hakbang ng pamahalaan sa pag-alis o pagbabawas ng kursong Filipino at panitikan sa kurikulum? Nasyonalismo pa ba itong matatawag?

Gayumpaman, *emergent* ang katangian sa panig ng mga guro dahil kinasangkapan din nila ang nilalaman ng kurikulum bilang bahagi ng resistans na basagin ang mandato ng estado at kumalas sa padron ng kurikulum na ipakilala si Rizal sa limitadong paraan. Marami sa mga kilala kong guro sa hayskul ang nagbibigay ng kritisismo sa mga nobela at maging kay Rizal upang ipamulat sa mga mag-aaral ang

estado ngayon ng henerasyon. Isa pa, kailangan ding basagin ang pananaw na ang mga kurso tungkol kay Rizal at mga nobela nito ay isang *minor requirement* lamang na kailangang ipasa. Mahalaga sa mahalaga ang mga isinulat niya sa usaping nasyonalismo ngunit kailangan itong seryosohin hindi lamang ng mga mag-aaral at kaguruan ng Kasaysayan at Literatura – bagkus ng sambayanan. Sa naging pahayag ni Joel Malabanan (2011):

> "Maaaring ang mga nilalaman ng Noli Me Tangere ay hindi konkretong magagamit sa kurso ng Engineering, Accountancy, o Nursing sa kolehiyo at kahit sa pagtatrabaho sa call center. Ngunit kung **seseryosohin lamang ng mga estudyante** ang pagsusuri sa nobela, at kung **tunay na mahusay ang gurong nagtuturo sa Filipino**, ang mga aral na taglay ng nobela ay makatutulong sa pagsusuri ng ating lipunan sa kasalukuyan na gabay naman sa maktwiran nating pagkilos (p. 38)."

Sa kabila ng pagiging dominante ng kurikulum na dapat ituro ang mga nobela sa isang partikular na taon, taliwas naman ang naging pagtingin dito ng ilang mag-aaral. Bilang bahagi ng kanilang umuusbong (*emergent*) na kamalayan hinggil sa kung ano ang praktikal at kapaki-pakinabang para sa kanila, nagbigay na rin sila ng kritisismo hinggil sa kung paano itinuturo at natututuhan ang dalawang nobela. Sa pagkakataong ito, hindi kasalanan ng mga guro at lalo na ng mga mag-aaral kung bakit kulang o may kamalian kung paano tinatrato ngayon ang pagbabasa sa mga nobela. Tanging estado lamang ang nagdikta sa kung ano ang nararapat para sa mga guro at lalo na sa mga mag-aaral. Sa huli, malaya tayong pairalin ang ating *agency* kung ano ba ang angkop para sa lipunang ito – kung kailangan bang umangkop o kumatig sa resistans. Sa huling salita, ang estadong humulma ng kurikulum ang dapat punahin sa hindi makatarungang pagpaling nito sa edukasyong mapanupil sa halip na mapagpalaya.

**Mga Sanggunian:**

Abraham, P. (2000). "Skilled Reading: Top-Down, Bottom-Up." *Field Notes* 10(2), pp. 1-8.

Abueg, E. at M. Sayas. (2010). *Noli Me Tangere.* Diwa Learning Systems, Inc.

Administrative Order. (1988). *Order No. 102, s. 1988, Disyembre 26, 1988.* Reconstituting the Membership of the Rizal Day National Committee Created Under Administrative Order No. 51 dated December 21, 1987 to Observe the 2nd Death Anniversary of Dr. Jose P. Rizal on December 30, 1988.

Almario, V. (2008). *Si Rizal: Nobelista (Pagbasa sa Noli at Fili Bilang Nobela).* Diliman, Quezon City: The University of the Philippines Press.

_____ (2014). *Ang Tungkulin ng Kritisismo sa Filipinas.* Quezon City: Ateneo de Manila University Press.

Anderson, B. (2003). *Imagined Communities: Reflections on the Origins and Spread of Nationalism.* Pasig City: Anvil Publishing, Inc.

Apple, M. (1976). “Curriculum as Ideological Selection.” *Comparative Education Review* 20(2), pp. 209-215.

Arkorful, V. at N. Abaidoo. (2014). “The Role of E-Learning: The Advantages and Disadvantages of its Adoption in Higher Education.” *International Journal of Education and Research* 2(12), pp. 397-410.

Barcelona, N. (2011). “Kanser: Muling Pagsulyap sa “Nolí Me Tangere” ni Dr. José P. Rizal.” Sa Cerise Crudo, Jose del Rosario III, Noel Barcelona, Joel Malabanan, Mon Karlo Mangaran, at David Michael San Juan (mga awt.), *Rizal ng Bayan: Antolohiya ng Mga Sanaysay Tungkol sa Buhay at Mga Sinulat ni Dr. Jose Rizal* (pp. 8-10). Backpackers Media Group, Inc., 2020.

Baruch, Y. (2006). “Role-Play Teaching: Acting in the Classroom.” *Management Learning* 37(1), pp. 43-61.

Benitez, F. (2008). “Ang Mga Pinagdaanang Buhay ng Ibong Adarna: Narrativity and Ideology in the Adarna’s Corrido and Filmic Versions.” *Kritika Kultura* 10, pp. 5-40.

Bergenhenegowen, G. (1979). “Hegemonic Intellectuals and the Hidden Curriculum.” *European Journal of Education* 14(4), pp. 373-375.

Bogdan, R. at S. Taylor. (1975). *Introduction to Qualitative Research Methods: A Phenomenological Approach to the Social Sciences.* New York City: Wiley.

Bordieu, P. (1977). “Cultural Reproduction and Social Reproduction.” Sa J. Karabel at A. Halsey (pat.), *Power and Ideology in Education* (pp. 487-511). New York: Oxford University Press.

Bourelle, A. (2018). “Not Just Novels: The Pedagogical Possibilities of the Graphic Narrative.” Sa A. Burger (pat.), *Teaching Graphic Novels in the English Classroom* (pp. 11-28). Palgrave Macmillan.

Calfee, R. at P. Drum. (1978). “Learning to Read: Theory, Research, and Practice.” *Curriculum Inquiry* 9(3), pp. 183-249.

Capino, D., M. Gonzalez, at F. Pineda. (1977). *Rizal’s Life, Works, and Writings: Their Impact on Our National Identity.* Publishers Assoication of the Philippines, Inc.

Carlson, D. (1992). *Teachers and Crisis: Urban School Reform and Teacher’s Work Culture.* Routledge.

Chapman, M. (2006). “Postcolonialism: A Literary Turn.” *Postcolonialims: A South/African Perspective* 33(2), pp. 7-20.

Cherif, A. at C. Somervill. (1995). “Maximizing Learning: Using Role Playing in the Classroom.” *The American Biology Teacher* 57(1), pp. 28-33.

Christopher, K. (2013). “Raymond Williams and Marxist Literary Theory.” *The Criterion: An International Journal in English* 4(5), pp. 1-6.

Clark, P. at A. Sears. (2016). “Fiction, History and Pedagogy: A Double-Edged Sword.” *Curriculum Studies* 49(5), pp. 1-20.

Coates, A. (1992). *Rizal: Filipino Nationalist & Patriot.* Ermita, Manila: Solidaridad Publishing House.

Coats, W. at L. Swierenga. (1972). “Student Perceptions of Teachers: A Factor Analytic Study.” *The Journal of Educational Research* 65(8), pp. 357-360.

Constantino, R. (1969). *Veneration Without Understanding.* Foundation for Nationalist Studies.

Corpuz, C. R. Palma, at A. Hila (pat.) (1988). *Mga Piling Babasahin para sa J.P. Rizal.* Taft Avenue, Manila: De La Salle University Press.

Coupland, D. (1991). *Generation X: Tales for an Accelerated Culture.* New York: St. Martin’s Press.

Crudo-Guerrero, C. (2011). “Ano Ang Saysay ni Rizal sa Kabataan Ngayon.” Sa Cerise Crudo, Jose del Rosario III, Noel Barcelona, Joel Malabanan, Mon Karlo Mangaran, at David Michael San Juan (mga awt.), *Rizal ng Bayan: Antolohiya ng Mga Sanaysay Tungkol sa Buhay at Mga Sinulat ni Dr. Jose Rizal* (pp. 11-18). Backpackers Media Group, Inc., 2020.

Cruz-Claudio, V. “Kasaysayang Buhay ng Isang Intelektwal: Talambuhay at Kaisipan ni Camilo Osias, 1889-1976.” *Saliksik E-Journal* 5(2), pp. 48-113.

Cruz, I. (2009). “Fili sa Filipino: Piling-Piling Pilipitan.” *Malay Journal* 22 (1), pp. 91-100.

Daquila, S. (2009). *Seeds of Revolution: Analysis of Life and Works of Dr. Jose Rizal.* Bacolod City, Philippines: Brainbow Essentials.

Davies, M. (2007). “Curriculum for [Dis] Empowerment: Uncovering Hegemony within the ‘New Jersey Social Studies Curriculum Framework’.” *Counterpoints* 315, pp. 53-68.

Deal, B. (1968). “Storytelling as Symbolism.” *Southwest Review* 53(3), pp. 293-298.

Dembo, M. at S. Gibson. (1985). “Teacher’s Sense of Efficacy: An Important Factor in School Improvement.” *The Elementary School Journal* 86(2), pp. 173-184.

Derchain, P. (1976). “Symbols and Metaphors in Literature and Representations of Public Life.” *RAIN* 15, pp. 7-10.

De Vera, E., A. Bucu, at F. Cuaño. (2006). *Obra Maestra: El Filibusterismo.* Manila: Rex Book Store.

DepEd [Department of Education]. (2016a). “K to 12 Basic Education Curriculum, Baitang 9.” Sa *K to 12 Gabay Pangkurikulum Filipino, Baitang 1-10* (pp. 166-174). Pasig City: Department of Education.

_____ (2016b). “K to 12 Basic Education Curriculum, Baitang 10.” Sa *K to 12 Gabay Pangkurikulum Filipino, Baitang 1-10* (pp. 175-187). Pasig City: Department of Education.

Dimitriadis, G. at G. Kamberelis. (2006). *Theory for Education.* New York: Routledge.

Enqvist, J. (w.tn). *PCK (Pedagogical Content Knowledge).* Presentasyon na inihanda sa kanyang lektura sa HAMK University of Applied Sciences, pp. 1-13.

Entwistle, H. (1978). “Antonio Gramsci and the School as Hegemonic.” *Educational Theory* 28(1), pp. 23-33.

Essien, E., O. Akpan, at I. Obot. (2016). “The Influence of In-Service Training, Seminars and Workshops Attendance by Social Studies Teachers on Academic Performance of Students in Junior Secondary Schools Incross River State, Nigeria.” *Journal of Education and Practice* 7(22), pp. 31-35.

Fernandez, E. (2009). “The Originary Filipino: Rizal and the Making of Leon Ma. Guerrero as Biographer.” *Philippine Studies* 57(4), pp. 461-504.

Freire, P. (1985). *The Politics of Education.* South Hadley, Massachusetts: Bergin and Garvey.

Frogner, E. (1950). “Inexpensive Books for the Junior High School.” *The English Journal* 39(7), pp. 385-387.

Gagelonia, P. (1965). *Rizal’s Moments of Truth.* Manila, Philippines: Universal Book Co.

_____ (1974). *Rizal’s Life, Works and Writings.* Navotas, Rizal: Navotas Press.

Garcia, C. at C. Cruz. (2005). *Rizal and the Development of Filipino Nationalism: A Textbook on the Life, Works, and Writings of our National Hero.* Mandaluyong City: Books Atbp. Publishing Corp.

Garcia, L. (2009). *Jose Rizal, El Filibusterismo.* Quezon City: Academic Publishing Corporation.

_____ (2012). *Minimalistang Pagsasadula ng Florante at Laura ni Francisco Balagtas Baltazar.* De La Salle University Publishing House.

Giroux, H. (1985). “Critical Pedagogy, Cultural Politics and the Discourse of Experience.” *The Journal of Education* 167(2), pp. 22-41.

Gramsci, A. (1971). *Selections from the Prison Notebooks.* New York: International Publishers.

Guerrero, L. (2011). *The First Filipino: A Biograpphy of Jose Rizal.* Manila: National Historical Commission of the Philippines.

Guillermo, R. (2009). *Translation & Revolution: A Study of Jose Rizal’s Guillermo Tell.* Quezon City: Ateneo de Manila University Press.

Halsall, A. (2018). “What Is the Use of a Book…Without Pictures or Conversations? Incorporating the Graphic Novel into the University Curriculum.” Sa A. Burger (pat.), *Teaching Graphic Novels in the English Classroom* (pp. 87-102). Palgrave Macmillan.

Harland, T. at N. Wald. (2018). *Curriculum, Teaching and Powerful Knowledge*. High Education Development Center, University of Otago, New Zealand.

Harper, S. (1988). “Strategies for Teaching Literature at the Undergraduate Level.” *The Modern Language Journal* 72(4), pp. 402-408.

Hartzler-Miller, C. (2001). “Making Sense of ‘Best Practice’ in Teaching History.” *Theory & Research in Social Education Journal* 29(4), pp. 672-695.

Hawes, G. at L. Hawes. (1982).*The Concise Dictionary of Education.* New York: Van Nostrand Reinhold Company.

Hornburger, J. (1977). “Reflections on Teacher Training Programs.” *The Journal of Negro Education* 46(4), pp. 425-429.

Hower, J. (2018). "'All Good Stories': Historical Fiction in Pedagogy, Theory, and Scholarship." *Rethinking History: The Journal of Theory and Practice*, pp. 1-48.

Johnson, S. (1998). "The Importance of Culture for Improving Assessment and Pedagogy." *The Journal of Negro Education* 67(3), pp. 181-183.

Jurilla, P. (2005). "Florante at Laura and the History of the Filipino Book." *Book History* 8, pp. 131-197. Johns Hopkins University Press.

Kay, L. (1946). "Role-Playing as a Teaching Aid." *Sociometry* 9(2-3), pp. 263-274.

Keller, C. (1975). "Role Playing and Stimulation in History Classes." *The History Teacher* 8(4), pp. 573-581.

Kincheloe, J. at S. Steinburg. (1997). *Changing Multiculturalism.* Pennsylvania: Open University Press.

Ladson-Billings, G. (1998). "Teaching in Dangerous Times: Culturally Relevant Approaches to Teacher Assessment." *The Journal of Negro Education* 67(3), pp. 255-267.

Larrick, N. (1963). "New Channes for Book Distribution Through the Schools." *ALA Bulletin* 57(6), pp. 544-548.

Lavrakas, P. (2008). *Encyclopedia of Survey Research Methods.* California: Sage Publications.

Lederman, N. at J. Gess-Newsome. (1992). "Do Subject Matter Knowledge, Pedagogical Knowledge, and Pedagogical Knowledge Constitute the Ideal Gas Law of Science Teaching?" *Journal of Science Teacher Education* 2(1), pp. 16-20.

Low, G. at A. Chaudhry. (2009). "An Analysis of Reading Profile of Generation-X in Singapore." *Asia-Pacific Conference on Library & Information Education & Practice,* pp. 200-210.

Mackenzie, D. (1964). "Cultural Symbolism in Literature." *The Modern Language Review* 59(4), p. 618.

Malabanan, J. (2011). "Buod ng Noli Me Tangere at Ang Kahalagahan ng Pag-aaral Nito." Sa Cerise Crudo, Jose del Rosario III, Noel Barcelona, Joel Malabanan, Mon Karlo Mangaran, at David Michael San Juan (mga awt.), *Rizal ng Bayan: Antolohiya ng Mga Sanaysay Tungkol sa Buhay at Mga Sinulat ni Dr. Jose Rizal* (pp. 35-38). Backpackers Media Group, Inc., 2020.

Mangaran, M.K. (2011). "Saysay ng Kasaysayan: Si Pepe at Ang Kasalukuyang Sistemang Panlipunan." Sa Cerise Crudo, Jose del Rosario III, Noel Barcelona, Joel Malabanan, Mon Karlo Mangaran, at David Michael San Juan (mga awt.), *Rizal ng Bayan: Antolohiya ng Mga Sanaysay Tungkol sa Buhay at Mga Sinulat ni Dr. Jose Rizal* (pp. 46-51). Backpackers Media Group, Inc., 2020.

March, J. at J. Olsen. (1984). "The New Institutionalism: Organizational Factors in Political Life." *The American Political Science Review* 78(3), pp. 734-749.

Mayo, P. (2008). "Antonio Gramsci and His Relevance for the Education of Adults." *Educational Philosophy and Theory* 40(3), pp. 418-435.

McFayden, J. at J. Rankin. (2016). “The Role of Gatekeepers in Research: Learning From Reflexivity and Reflection.” *GSTF Journal of Nursing and Health Care* 4(1), pp. 82-88.

Mendoza, R. at S. Nakayama. (2003). “*Makabayan* Curriculum for Secondary Schools in the Philippines: The Development of Citizenship.” *Education Research for Policy and Practice* 2, pp. 13-26.

Meng, X., L. Yang, H. Sun, et al. (2019). “Using a Novel Student-Centered Teaching Method to Improve Pharmacy Student Learning.” *American Journal of Pharmaceutical Education* 83(2).

Moratilla, N. (2012). “Transgressive Bridging: Critical Pedagogies and Philippine Studies.” *Dalumat E-Journal* 3(2), pp. 162-173.

_____ (2019). “Mensahe.” Sa PS220 (*Postcolonial Resistances and Emergent Cultures*). *Email,* Abril 16.

Morrison, J. at K. Jones. (2007). “The Effects of Positive Peer Reporting as a Class-Wide Positive Behavior Report.” *Journal of Behavioral Education* 16(2), pp. 111-124.

Murphy, J. at K. Zlomke. (2014). “Positive Peer Reporting in the Classroom: A Review of Intervention Procedures.” *Behavior Analysis in Practice* 7, pp. 126-137.

Neuman, W. (2004). *Basics of Social Research: Qualitative and Quantitative Approaches.* Pearson Education, Inc.

Ochoa, P. (1996). “The Historical Moments of Postcolonial Writing: Beyond Colonialism’s Binary.” *Tulsa Studies in Women’s Literature* 15(2), pp. 221-229.

Ongoco, T. (2010). *El Filibusterismo.* Mambugan, Antipolo City: Academe Publishing House.

Palma, R. (1966). *Pride of the Malay Race: A Biography of Jose Rizal,* tsln. R. Ozaeta. Prentice Hall, Inc.

Painter, H. (1965). “The Teacher’s Role in the Development of Lifetime Reading Habits of Secondary School Students.” *Journal of Reading* 8(4), pp. 240-244.

Pascual, M. (2012). *R.A. 1425.* Departamento ng Kasaysayan, Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas.

Pascual, R. (1950). *Rizal Beyond the Grave: A Reiteration of the Greatness of the Martyr of Bagumbayan.* Luzon Publishing Corporation.

Pedersen, T. (2002). “Cooperative Hegemony: Power, Ideas and Institutions in Regional Integration.” *Review of International Studies* 28(4), pp. 677-696.

Pinar, W., W. Reynolds, P. Slattery, et al. (1995). Chapter 5: Understanding Curriculum as Political Texts. *Counterpoints* 17, pp. 243-314.

Quibuyen, F. (1999). *A Nation Aborted: Rizal, American Hegemony, and Philippine Nationalism.* Quezon City: Ateneo de Manila University Press.

Ramos, V. at E. Lalic. (2004). *Jose Rizal: Over His Dead Body.* Malolos City: Ramos and Lalic Enterprises.

Rivera, C., D. Landicho, at D. Valenciano. (1969). *Rizal: Bayani at Guro.* Rizal: Rey-Carl Publishing House.

Rizal, J. (1902). *Friars and Filipinos: An Abridged Translation of Dr. Jose Rizal's Tagalog Novel "Noli Me Tangere",* tsln. F. Gannett. New York: Lewis, Scribner & Co.

_____ (1906). *Huwag Akong Salangin Nino Man,* tsln. P. Poblete, walang tagapaglimbag.

_____ (1912). *The Social Cancer,* tsln. C. Derbyshire, Philippine Education Company.

_____ (1957). *Noli Me Tangere: A Complete English Translation of Noli Me Tangere From the Spanish of Dr. Jose Rizal,* tsln. C. Osias. Capitol Publishing House.

_____ (1961). *The Lost Eden,* tsln. L. Guerrero. Asian Society.

_____ (1962). *The Subversive (El Filibusterismo),* tsln. L. Guerrero. Bloomington: Indiana University Press.

_____ (1980). *N'y touches pas!* tsln. sa Pranses ni J. Ventura Castro. Paris: Gallimard.

_____ (1987). *Noli Me Tangere,* tsln. sa Aleman ni A. Cueto-Morth. Frankfurt am Main: Insel Verlag.

_____ (1997). *The Reign of Greed: El Filibusterismo,* tsln. C. Derbyshire. Quezon City: Giraffe Books.

_____ (1999). *El Filibusterismo,* tsln. V. Almario. Adarna House.

_____ (2011). *Noli Me Tangere,* tsln. V. Almario. Anvil Publishing.

Roberts, K. (2018). *A Novel Approach: Whole-Class Novels, Student-Centered Teaching, and Choice.* Heinemann.

Rodwell, G. (2010). "Historical Novels: Engaging Student Teachers in K-10 History Pre-Service Units." *Australian Journal of Teacher Education* 35(7).

_____ (2013).*Whose History? Engaging History Students Through Historical Fiction.* University of Adelaide Press.

Romero, M., J. Sta. Romana, at L. Santos. (2006). *Rizal and the Development of National Consciousness.* KATHA Publishing Co., Inc.

Rosales, A. at C. Coloma. (2005). *Rizal: Walang Hanggang Landas.* Quiapo: Mary Jo Publishing.

San Juan, C. (2016). Personal na Komunikasyon. Canberra, Australia. Cerca Oktubre.

San Juan, D.M. (2011a). "Galit si Rizal sa Buwaya: Ang Bayaning Anti-Kapitalista." Sa Cerise Crudo, Jose del Rosario III, Noel Barcelona, Joel Malabanan, Mon Karlo Mangaran, at David Michael San Juan (mga awt.), *Rizal ng Bayan: Antolohiya ng Mga Sanaysay Tungkol sa Buhay at Mga Sinulat ni Dr. Jose Rizal* (pp. 52-58). Backpackers Media Group, Inc., 2020.

_____ (2011b). "Si Rizal Bilang Aktibista." Sa Cerise Crudo, Jose del Rosario III, Noel Barcelona, Joel Malabanan, Mon Karlo Mangaran, at David Michael San Juan (mga awt.), *Rizal ng Bayan: Antolohiya ng Mga Sanaysay Tungkol sa Buhay at Mga Sinulat ni Dr. Jose Rizal* (pp. 52-58). Backpackers Media Group, Inc., 2020.

_____ (2017). "Guro, Paaralan, at Bayan: Makabayang Pagsusuri sa Kasalukuyang Kurikulum ng Sistema ng Edukasyon sa Pilipinas." *Kawing Journal* 1(2), pp. 10-34.

_____ (2020). *Suri, Saliksik, Sanaysay: Mga Babasahin sa Wika, Panitikan, at Lipunang Pilipino*. Quezon City: UP Diliman Sentro ng Wikang Filipino.

San Juan, E. (1999). "Raymond Williams and the Idea of Cultural Revolution." *College Literature* 26(2), pp. 118-136.

Sauco, C. (2006). *Buhay at Diwa ng Isang Makabayang Pilipino: Dr. Jose P. Laurel.* Booktime Publication.

Schumacher, J. (2011). "The Rizal Bill of 1956: Horacio de la Costa and the Bishops." *Philippine Studies* 59(4), pp. 529-553.

Selznick, P. (1996). "Institutionalism 'Old' and 'New'." *Administrative Science Quarterly* 41(2), pp. 270-277.

Shechtman, Z., M. Levy, at J. Leichtentritt. (2005). "Impact of Life Skills Training on Teachers' Perceived Environment and Self-Efficacy." *The Journal of Educational Research* 98(3), pp. 144-154.

Shulman, L. (1986). "Those Who Understand: Knowledge Growth in Teaching." *Educational Researcher* 15(2), pp. 4-14.

_____ (1987). "Knowledge and Teaching." *Harvard Educational Review* 57(1), pp. 1-22.

Smith-Maddox, R. (1998). "Defining Culture as a Dimension of Academic Achievement: Implications for Culturally Responsive Curriculum, Instruction, and Assessment." *The Journal of Negro Education* 67(3), pp. 302-317.

Soares, L. (1998). "Structure, Content, and Process in Teacher Training: The Relevance of Copernicus, Gardner, and Dewey." *The Clearing House* 71(4), pp. 217-220.

Thompson, R. (2018). "Writing Through Comics." Sa A. Burger (pat.), *Teaching Graphic Novels in the English Classroom* (pp. 43-65). Palgrave Macmillan.

Tugano, A. C. (2019). "Pagsasara ng Tabing: Konklusyon sa Makabuluhang Mentoring ni Dr. Zeus A. Salazar." Sa M.J. Santos at A. C. Tugano (pat.), *Martes sa Escaler: Klase sa Historiograpiya ni Dr. Zeus Salazar* (pp. 161-165). Lunsod Quezon: Bagong Kasaysayan, Inc.

Wayne, A. at P. Youngs. (2003). "Teacher Characteristics and Student Achievement Gains: A Review." *Review of Educational Research* 73(1), pp. 89-122.

Wellek, R. (1970). "The Term and Concept of Symbolism in Literary History." *New Literary History* 1(2), pp. 249-270.

Williams, R. (1977). *Marxism and Literature.* Oxford, England: Oxford University Press.

Young, M. (2014). *The Curriculum and the Entitlement of Knowledge.* Magdalene Campus, Cambridge 25, pp. 1-10.

Zaide, G. at S. Zaide. 2007. *Jose Rizal: Buhay, Mga Ginawa at mga Sinulat ng Isang Henyo, Manunulat, Siyentipiko, at Pambansang Bayani.* Quezon City: All Nations Publishing Co., Inc.

**Tungkol sa May-akda:**

**AXLE CHRISTIEN TUGANO**

Kasalukuyang Guro ng Kasaysayan sa University of the Philippines Los Baños, Laguna. Nagtapos ng digring B.A. History sa PUP bilang Batch Valedictorian (*magna cum laude*). Tinatapos ang digring MA Philippine Studies sa Asian Center, University of the Philippines Diliman. Nakapaglimbag ng mga artikulo sa mga refiradong dyornal sa University of the Philippines Diliman, Ateneo de Manila University, De La Salle University, University of Santo Tomas, ADHIKA ng Pilipinas, National Commission for Culture and the Arts, Bagong Kasaysayan, at marami pang iba. Ang kanyang interes sa pananaliksik ay pumapatungkol sa Kasaysayang Kolonyal ng Pilipinas, Ugnayan ng Pilipinas at Ibayong Dagat, Araling Diaspora, at Lokal na Kasaysayan. Ilan sa mga naging pag-aaral ay kanyang binasa sa Jakarta, Indonesia at University of Lisbon, Portugal. Nakapagturo ito sa Polytechnic University of the Philippines, Pamantasan ng Lunsod ng Marikina, Our Lady of Fatima University, at Lyceum of the Philippines University.